TOMO XXXIX BLG. 1



HUNYO 2014 - HULYO 2014

Matanglawin

OPISYAL NA PAHAYAGANG PANGMAG-AARAL NG PAMANTASANG ATENEO DE MANILA

MAGING MATA TANGLAW LAWIN



MVP ROOFDECK | JUNE 30 - JULY 4



PATNUGUTAN 2014-2015

DYAN FRANCISCO
BFA ID '16
Punong Patnugot

JENNICKA RHEA LEORAG
BS ME '15
Katuwang na Patnugot

MELVIN MACAPINLAC
BS MIS-MS CS '15
Nangangasiwang Patnugot
at Patnugot ng Lapatan

RAY JOHN SANTIAGO
AB POS '15
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

KHALIL ANDRE REDOBLE
BFA ID '17
Patnugot ng Sining

CHRISTOPH DONCILLO
AB COM '15
Patnugot ng Web

ABEGAIL ESTEBAN
AB PSY '15
Tagapamahala ng Proyekto

CLINTON BALBONTIN
AB SOS '15
Tagapamahala ng Pandayan

JOEMARIE CARL PULMA
AB IS '15
Tagapamahala ng Pananalastas

JERUSCHA ANNE VILLANUEVA
BS HSC '16
Ingat Yaman

DONALD JAY BERTULFO
4 AB EC-H/PSY '15
Pangkalahatang Kalihim

Sulatin
Katuwang na Patnugot: Allison Lagarde, Jerome Flores
Joff Bantayan, Alex Dungca, Alyssa Leong, JC Peralta, Kevin Solis

Sining
Katuwang na Patnugot: Bianca Espinosa
Jacee Abarrientos, Jeffrey Agustin, Kitkat Carmona, AC Luber, L Marcelo, Den Noble, Aika Rey, Januel Rombaoa, Alex Yap

Lapatan
Jared Abubo, Lance Bitong, Jami Cudala, Benjhoe Empedrado, Marcel Villanueva

Pandayan
Rizza de Jesus, Dominic Enriquez, Mox Erni, Chichi Magbanua, Shasta Tiro

Proyekto
Katuwang na Patnugot: Jonnel Inojosa, Gretch Cabral

Pananalastas
Katuwang na Patnugot: Patricia Sium

LUPON NG TAGAPAYO

Anne Lan Kagahastian-Candelaria, Ph.D.
Kagawaran ng Agham Politikal

Mark Benedict Lim
Kagawaran ng Filipino

Benjamin Tolosa, Jr. Ph.D.
Kagawaran ng Agham-Politikal
Tagapamagitan

Taingang Kawali

Ilang beses na ba tayong natawag na "apatetiko?"

Katambal na ng pagiging mag-aaral ng Ateneo ang matawag na mayabang. Kakaibang ere nga raw naman kasi ang ipinakikita ng Atenista, hindi lamang sa loob ng kanyang sariling pamantasan kundi maging sa labas nito. Ngunit mayroon pang mas matindi rito: ang Atenista, wala raw alam sa mga nangyayari sa kanyang paligid. Ang mas nakalulungkot pa nga kung minsan, maging ang mga kaganapan sa mismo nating pamantasan, hindi man lamang nabibigyang-pansin.

Sa husay at talino nga ba tayo nagkukulang? Hindi tayo mga ignorante, hindi lingid sa atin iyan. Alam nating ang angkin nating husay at talino ang mismong nagdala sa atin sa pamantasang ito. Iyon nga lang, tila ba hanggang dito lang tayo.


Sa bawat pagkakataong mapapadaan ka sa Gate 3.5 o daraan sa mga footbridge ng Katipunan, nakikita mo ba ang mga batang namamalimos? Sa bawat pagbukas mo ng telebisyon o ng pinakamamahal mong MacBook, nakakapanuod o nakababasa ka ba ng balitang tungkol sa kanilang mga namamarhinalisa? Ilang beses ka nang dumalo sa mga pagtitipong para sa mga guro ng pampublikong paaralan o kaya'y magsasaka?

Ilang beses mo nang sinabi sa sarili mong, "Wala naman akong magagawa, bakit ko pa idadawit ang sarili ko?"

Sa kasalukuyan, hindi na masusukat sa iisang sektor ang lumalalang bilang ng mga marhinalisado- mga indibidwal o organisasyong hindi nabibigyan ng representasyon at naisasantabi lamang. Sino nga ba ang mga marhinalisado?

Para sa Unang Isyu ng Tomo XXXIX, tatangkain ng Matanglawin na muling ipakilala ang marhinalisado sa iyo, Atenista. Binubuo ang natatanging isyu na ito ng kontribusyon mula sa mga indibidwal na maalam sa kani-kanilang larangan at sektor ng lipunan- mula agrikultura, kalusugan, agham at teknolohiya, hanggang sa kultura, musika, sining-biswal, at mass media.

Sa pamamagitan ng pagpapakilalang ito, hangad naming gabayan ka sa daan pababa ng burol. Mula rito, sana'y maramdaman mo ang kahalagahan ng pagtataya at pagdadawit ng sarili sa mga isyung labas sa kinagisnan mong mundo. Mayroon kang magagawa, kung tatangkain mong magsimula.



TUNGKOL SA PABALAT

sining ni Dyan Francisco

Nagbabago ang ating mundo. Ngunit sa kabila ng patuloy na pag-inog nito, gayon na lamang ang pananatili ng mga hinaing na matagal nang naririnig sa lipunan natin—hanggang ngayon, patuloy na naririyan ang tawag ng ating kapwa.

Nararapat tayong tumugon.

Para sa patuloy na pagmumulat, pagbibigay-tanglaw, at pakikipaglaban—narito ang Matanglawin. Patuloy ang misyon naming gamitin ang pluma at titik upang bigyang-boses silang mga nasa laylayan sa loob at labas ng pamantasan. Maging madugo man ang laban, malayo man ang inaasam na hantungan, patuloy ang lawin sa kanyang nasimulan hangga't ito'y para sa kapwa, sa marhinalisado, at sa Inang Bayan.

TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN



TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan—katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan—kabilang na ang kritisismo—ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat sa pagsipi ng nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha. Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa pahayagan at nilalaman nito. Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa 426-6001 lokal 5449 o sumulat sa patnugutan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (Blg. 201–202), Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership, Mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108. Maaari ding bumisita sa www.matanglawin.net o magpadala ng email sa matanglawin.ateneo@gmail.com

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).

TALAAN NG NILALAMAN

MATA TANGLAW LAWIN

TOMO 39. BLG. 1

7 KULTURA
Ang mga Naisasantabi sa Larangan ng Kultura
NI JPAUL S. MANZANILLA

11 PELIKULA
Marhinalisasyon sa Paggawa ng Pelikulang Pilipino
NI SKILTY LABASTILLA

15 MUSIKA
Huwad na Pag-unawa
NI REZ TOLEDO

18 PANITIKAN
Sa Laylayan ng mga Laylayan
NI PHILLIP YERRO KIMPO

23 AGRIKULTURA
Tungo sa ika-30 ng Hunyo: Quo, Vadis CARPER?
NI JERIK CRUZ

27 AGHAM AT TEKNOHIYA
Ang Mga Ineetsa-Puwera ng Teknolohiya
NI FR. JOSE RAMON T. VILLARIN SJ

30 KALUSUGAN
Kalusugang Pangkalahatan o Para sa Iilan?
NI SARAH REEM HESHAM

33 MASS MEDIA
Bigyang Tinig sa Media Silang mga Walang Boses
NI SEVERINO R. SARMENTA JR. PH.D.

36 SINING BISWAL
Pasaning Kaakibat ng Paglikha
NI ALFONSO SOLIONGCO

39 BAGWIS
Hindi na Natagpuan si Andres
NI RAY JOHN SANTIAGO

Bisa ng Pangarap

OYAYI NG PLUMA

DYAN FRANCISCO
dyan.francisco@obf.ateneo.edu



Matalinhaga ang pagka-naririto ng tao. Isang minuto, naririto ka bilang ikaw na kilala mo ngunit sa susunod ay hindi mo na masiguro kung ikaw pa nga rin ba ang ikaw na nakilala mo noong minutong nagdaan. Gayunpaman, kilala mo pa rin ang iyong sarili—hindi maikakaila iyon. Iyon nga lamang, ang ikaw na kilala mo'y kailanma'y hindi mananatiling ikaw na ikaw pa rin, sa ayaw mo man o sa gusto.

Kaya naman hindi nakapagtataka kung muli't muli, naglalaro sa ating isipan ang mga katanungang gaya ng: Sino nga ba ako? Ano nga ba ako sa mundong ito? Bilang patuloy tayong nagbabago, paano ko masisigurong ang ako na gusto ko'y ang ako na ako ngayon o 'di kaya ang ako na siyang hahantungan ko?

Dito pumapasok ang nakikita kong maaaring bisa ng mga pangarap.

Tinutulutan tayo ng ating mga pangarap na maglatag ng isang balangkas para sa ating buhay upang marating natin ang landas na nararamdaman nating para sa atin. Binibiyayaan tayo nito ng dalawang bagay: depinisyon at direksyon. Sa isang banda, binibigyan nito ng depinisyon ang ating pagka-naririto habang sa kabila naman, nagkakaloob ito sa atin ng direksyon sa buhay. Kaya naman hindi lamang ganoon kababaw ang mga pangarap, mayroon pa itong higit na lalim kung tutuusin.

Hindi naman ako kaiba rito. Ang naging problema ko lamang, napakarami kong mga pangarap na nais maabot noon. Nitong huli ko lamang napagtanto ang siyang naging pagsasabuod ng lahat ng mga pangarap kong iyon: Ang makatulong sa paglikha ng magandang bukas sa pinaka-posibleng pamamaraan.

Tunay nga, nakatulong ang pangarap kong ito sa lalong pagkilala ko sa aking sarili. Buhat dito, nakalikha ako at patuloy na lumilikha ng mga desisyong mas makapagpapalapit sa akin sa hangarin kong iyon. Kaya marahil naririto ako ngayon, tumutugon sa isang tawag na maaaring hindi maunawaan ng iba, ipinaglalaban ang bagay na mayroon akong pananampalataya, at ibinibigay ang buong sarili bagaman walang kasiguraduhang nakikita. Sa pamamaraang alam ko't pinaniniwalaan ko, tinutugunan ko ang pag-usig sa akin ng maaaring kabaliwang dulot ng buong pusong pag-aasam at pag-asa sa isang simpleng pangarap na nagbibigay pagkakakilanlan sa kung sino nga ba ako.

Naniniwala akong hindi ako mag-isa sa pangarap kong ito. Nang magsimula ang Matanglawin, buo ang tiwala kong gayon din ang layon nitong marating. Dala ang paniniwalang titik at panulat ang siyang makapagsasalba sa mga naisasantabi nating kapwa, lumundag ang lawin at nagtaya, sa kabila ng mga panganib na dulot nito noong mga panahong nilayon nitong lumipad. Sa ngayon, matayog pa rin ito't nasa ika-39 taon na ng kanyang pamamayagpag—para sa kapwa, sa Inang Bayan, at sa lahat ng mayroon siyang pananampalataya.

Kaya umasa kayong patuloy na lilipad ang lawin. Patuloy nitong tatahakin ang landas na nakikita nito para sa katuparan ng kanyang pangarap—para sa sarili ngunit higit na para sa kapwa. Ang bawat araw ay bagong simula at walang bukas na nakikita ang lawin kundi ang ngayon at ngayon din. Buo ang paniniwala ko rito bilang sa isang pamamaraan o higit pa, nakikiisa ako sa pangarap na ito. Hindi ko ito pakakawalan nang basta-basta at sisiguruhin ang matayog na pananatili ng lawin sa kanyang disposisyon habang ipinaglalaban ang kinikilala niyang tama.

At bilang kahungkangan nga ang pagpapakawala sa iyong sariling pangarap, isang malaking pagkakamali ang pakawalan ito, hindi ba?

Bakit Nga Ba Ako Sumusulat?

KATHANG NAKATUTULALA

RHEA LEORAG
rhea.leorag@gmail.com



Ika-walo ng Marso, nitong taon lang. Nagkaroon ako noon ng pagkakataong makausap ang ilang kababaihang magsasaka mula sa Bundok Peninsula, Quezon. Humigit-kumulang dalawampung minuto lamang ang nailaan niya para sa akin, dahil magkakaroon daw ng flash mob bilang protesta para sa karapatan ng kababaihan maya-maya lamang.

Dalawampung minuto ang nagamit nila upang ilahad kung paanong inaagaw ang kanilang mga lupa; kung paanong ilang taon na silang nagpoprotesta subalit patuloy na hindi naririnig; kung paanong halos mapabayaan na nila ang kani-kanilang pamilya dahil sa dami ng panahong ginugugol nila sa pagpunta sa Maynila upang magprotesta. Lahat ng ito para lamang ipaunawa sa pamahalaan ang bigat ng sitwasyon nila sa probinsiya.

Kung tutuusin, walang ikinaiba sa iba pang mga panayam na dati ko nang naisagawa ang dalawampung minutong iyon. Ang naging kaiba lamang ay, sa pagtatapos ng dalampung minuto, halos tumulo ang luha ng ilan sa mga kausap ko (at, aaminin ko, maging ang akin din) habang ikinukuwento ang lahat ng iyon. Naramdaman ko ang paghihirap na dinaranas nila, kahit simpleng pag-uusap lamang ang pinagsaluhan namin.

Lagi kong nahahanap ang sarili kong bumabalik sa dalawampung maiiikling minutong iyon sa tuwing tatanungin ako (ng ibang tao, o ng sarili ko mismo) kung bakit ako nagsusulat. Wala akong ibang maipangako noon sa mga kababaihang magsasakang nakasalo ko bukod sa isang maikling artikulong ilalabas sa website ng school paper ng Ateneo.

Hindi ko sila matulungang bawiin ang lupang inagaw sa kanila. Hindi ko magagawang sugurin ang opisina ng presidente at himukin siyang ayusin ang pamamahala niya at tulungan ang mga magsasakang siyang nagtatanim at umaani sa pagkaing nilalamon niya, nilalamon nating lahat. Pero kaya kong magsulat. At higit pa sa pangako ng maikling artikulong ilalabas sa website, isa pang mas mabigat na pangako ang binitiwan ko sa sarili ko noong araw na iyon.

Nangako akong patuloy akong susulat. Patuloy kong gagamitin ang mga salita upang magbigay ng mensaheng kailangang marinig ng nakararami. Patuloy kong pakikinggan silang mga hindi nabibigyang-pansin at isusulat ang kanilang mga kuwento. Sisikapin kong hasain pa ang aking panulat upang balang-araw, mas marami pa ang magbigay ng atensiyon sa mga nailalathalang gawa ko.

Alam kong marami pa akong kailangang matutuhan bilang manunulat. Ilang beses akong umaabot sa punto ng kawalan ng tiwala sa sarili kong gawa. May mga pagkakataong nahihiya akong ipabasa sa ibang tao ang gawa ko dahil natatakot akong mahusgahan at matawag na mapagpanggap. Marami namang manunulat diyan na ‘di-hamak ay mas magaling kaysa sa akin, bakit ko pa ipagpipilitan ang sarili ko?

Sa mga pagkakataong ito, muli kong binabalikan ang dalawampung minutong iyon. Ipinaaalala ko sa sarili kong hindi ako maaaring tumigil, dahil kailangan nila ako.

Sa huling bahagi ng panayam na iyon, may isang magsasaka ang nagsabi sa akin, “Maraming salamat sa inyo. Sana mas marami pang mga mag-aaral na katulad ninyo na ang hangad ay tumulong sa mga katulad namin.”

Nakaramdam ako noon ng lungkot, at ng matinding pagkabagabag. Pakiramdam ko’y hindi ako karapat-dapat sa kanyang pasasalamat. Sino ba naman ako? Ni hindi ko nga nakuha ang mga pangalan nila noong hapong iyon.

Gayunman, alam kong tama siya. Marami ang nangangailangan ng pagtulong mula sa kabataan, at karamihan sa kanila’y nasa ibaba ng burol. Karapat-dapat man ako o hindi, hangga’t kaya ko silang tulungan ay tutulong ako. Gagawin ko ang aking makakaya upang maihatid ang kanilang kuwento, at magsisimula ako sa espasyong ito.

Sa ngayon, may bumasa man o wala, susulat ako.

MATA TANGLAW LAWIN MATA TANGLAW LAWIN MATA TANGLAW LAWIN MATA TANGLAW LAWIN MATA TANGLAW LAWIN MATA TANGLAW LAWIN

Sulyap

EMANSIPASYON

IMAN TAGUDIÑA
iman.tagudina@gmail.com



Tatlong beses ka nang naipakilala sa akin.

Una, noong nasa ikaapat na taon ako ng hayskul: Pinagsulat ako noon tungkol sa eleksyon. Naalala ko pa ang pabalang kong pagtawag sa mga politiko bilang mga maryoneta na walang sariling galaw, na para bang mga laruang naglulupasay kapag walang mga kamay na nagdidikta ng kanilang mga kilos. Tinuring kong isang magarbong telon ang politika noon, dahil na rin siguro sa mga makukulay na karakter na tumatakbo para sa puwesto noong mga panahong 'yon.

Pangalawang beses naman noong nasa ikalawang taon ako ng kolehiyo: Naging mamamahayag ako noon, at natutuhan kong mangilatis at magtanong nang walang habas at takot. Higit sa "iba", kakaibang karanasan 'yon dahil nasalang ako sa isang strukturang ang pangunahing layunin ay mangilatis at magtanong — 'yon ang bumubuhay sa kanya. Nasa siste niya ang mag mistulang tinik sa lalamunan, nasa kabuoan niya ang manggulo para mapansin, nasa patakaran niya ang maghanap at manita ng mali.

Sa pangatlong beses naman, noong patapos na ako ng kolehiyo, hinuhubog na para sa matalinhagang pagbaba sa burol. Buong akala ko noon, permanente ko nang titingnan ang mundo sa ganoong kasadlak na mga lente: mga matang walang ibang nakikita kundi isang mundo na babad at binabanlawan ng di-makatuwirang pamamalakad, ng mga tiwali, ng mga mali na ipinipilit bilang tama. Isang mundo na pinapatakbo ng mga taong walang ibang alam kundi magpataasan ng boses, sa pag-iisip na ito ang tanging paraan para mapatunayang tama sila.

Tatlong beses ko nang nakilala ang ganitong marka ng pagsusulat, ngunit sa bawat pagkakataon, kakaibang mukha at kakaibang mga mata ang sumisilay at nasisilayan.

x

Nasa mga mata ang panimulang nibel ng pagkilatis. Kung paano natin tingnan ang iisang usapin, doon din tayo nahuhubog. Para bang sa pagtatanong sa atin ng "Anong sa tingin mo", hinahanapan na tayo ng pagkakakilanlan, ng boses na para bang nakasalalay sa pananaw mo kung paano ka titingnan at titimbangin ng mundo. Mahirap magbulag-bulagan.

Nasa mga mata rin ang pagkilala. May sariling buhay ang mga mata, may sariling sistema ng pag-alam na tila nangingilala. Sa kanya nagsisimula ang libo-libong pagbibigay-ngalan sa mga alaala natin, pati na rin sa bagay sa paligid, sa halo-halong mukha ng mundo, sa mga karanasan. Mahirap magbulag-bulagan.

Nasa mga mata rin ang katotohanan. Ika nga nila, mga matang nangungusap, o mga tingin na makabuluhan. Mahirap magbulag-bulagan.

x

"Ano ang marhinalisado para sa iyo?" Gasgas nang pakinggan, ngunit ang tanong talaga: Sa iyong mga mata, sino sila? Ano ang hugis, kulay, itsura ng kanilang mukha? Paano mo sila titingnan, kikilalanin, at totoo ba sila para sayo? Nasaan na sila? Kailan mo sila tunay na makikilala?

Marahil, ilang beses mo na silang nakasalamuha, ilang pares na ng mga mata ang naka-engkwentro, hindi mo lang alam na sila na pala iyon dahil marahil, una o pangalawang beses mo pa lang silang nakikilala, nakikita.

Sino ang marhinalisado para sa 'yo?

Ano ang sinasabi ng kanilang mga mata?



ANG MGA NAISASANTABI SA LARANGAN NG KULTURA

Pagtalakay sa Marhinalisasyong Nakapaloob sa mga Gawaing Pangkultura sa Bansa

NI JPAUL S. MANZANILLA
SINING NI CAROLINE CARMONA

NANGYAYARI IYON SA KANILA DAHIL SA PAGKAKAANTAS NG HALAGA NG PAGGAWA NA NAGBIBIGAY NG NAKALULULANG GANTIMPALA SA MGA PANGUNAHING TAUHAN HABANG NAGBABAYAD LAMANG NG BARYA SA MGA WALANG MUKHA AT WALANG PANGALAN.

May palabas ngayon sa ABS-CBN tungkol sa palasak na paksang pag-iibigan ng mayaman at mahirap. Bata pa ay itinangi na nina Samuel at Isabel ang isa't isa. Napaglayo nga lamang sila ng tadhana dahil, bilang kabilang sa pinakamayayaman ang pamilya ni Isabel, ipinadala siya sa London upang mag-aral; kasama niya doon ang kababatang si Franco na kabilang sa kaibigang pamilya. Naiwan naman ang magkababata rin, ngunit mahihirap, na sina Samuel at Mona.

Pagbalik sa Pilipinas, magsusumikap ang dalawa na maituloy ang naunsiyaming pag-iibigan ngunit- alam na natin ito- hadlang ang kanilang mga pamilya sa kanilang pag-iibigan. Sina Mona, ang kapwa-mahirap na nagmamahal kay Samuel, at Franco, ang kapwa-mayaman na nagmamahal kay Isabel ang dalawang puwersang nagpipilit na hilahin sila pabalik sa katotohanan: ang materyal na realidad na hindi maaaring magsama ang magkaibang uri.

At dahil telenovela ito, at telenovelang Pilipino pa man din, alam na nating magkakatuluyan sila—harangan man ng patalim, magsama man ang balat sa tinalupan, hadlangan man ng langit at lupa, maging presidente man si Jejomar Binay! Trailer pa lamang, alam na natin ang buong kuwento.

Ang kakatwa sa palabas na ito ay kung paano ipinapaksa ang usaping agraryo sa ating bansa. Naririto ang klasikong kuwento ng pananamantala't pang-aapi ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka. At ginamit pang halimbawa ang mga sakada sa plantasyon ng tubô, isang taniman na may napakatinding pangangailangan sa lakas-paggawa at napakaliit na bayad sa mga manggagawa nito.

Maaaring isipin na mapangahas at progresibo pa ang pagpapalabas sapagkat tumatalakay ng repormang agraryo, sa panahong ang pangulo nati'y galing sa pamilyang nagmamay-ari ng plantasyon at ang mismong pamilyang may-ari ng istasyong nagpapalabas nito ay mula rin sa mga azucarera sa Kanlurang Visayas. Makatotohanan din at nakakikilabot ang paglalarawan ng pang-aabuso, pandaraya, at pagpaslang; mga bagay na isiniwalat ng Amerikanong historyador na si Alfred McCoy sa kanyang sanaysay hinggil sa mga Lopez ng Iloilo.

Ngunit ang suliranin sa lupa ay malulutas ng isang "naliliwanagang panginoong maylupa" (enlightened landlord) at hindi ng kolektibong pagkilos ng mga obrero. Kaiba ang serye sa Titanic na nagpakitang walang puwersang kayang tumalo sa puwersa ng kalikasan (ang iceberg at ang katapat nitong "natural" o "likas" na uring pinagmulan, dahil ipinanganak ka na nga dito), kahit ang puwersa ng pagmamahalan. Sa Ikaw Lamang, kabaligtaran ang magaganap: kayang durugin ng pag-ibig ang lahat.

SINO ANG NAISASANTABI SA LARANGAN NG KULTURA?

Ang palabas na nabanggit ay gawaing pangkultura, isang kultural na produktong kinokonsumo ng mga manonood at bagay na kabilang sa larangan ng kultura sapagkat sumasaklaw sa ating mga hilig, gawi, isipan, damdamin, at mga paniniwala. Ngunit naisasantabi ba ang mga artistang bumubuo nito? Mahirap yatang isipin. Sikat na sikat nga ang mga bida at palaging ipinakikita sa atin ang antas ng tagumpay na nakamit nila.

Naisasantabi ba, o marhinalisado, ang mga taong nasa larangan ng kultura? Kapag ine-enjoy na natin ang produkto, hindi na natin nakikita—sapagkat hindi ipinakikita—ang malupit na prosesong pinagdaanan upang magawa ito. Oo nga't lagi nating naririnig na sinasabi ng mga artista at direktor na pinaghirapan nila ito, na totoo nga naman. Ngunit anong dinanas ng production assistants, ng cameramen, ng mga manunulat na hindi kilala, ng mga extra, at lahat ng taong nagbanat ng buto at nagpadugo ng utak upang matapos ang palabas na kinaluluguran ng mga manonood?

Sila ang mga naisasantabi, o "marhinalisado," sa larangan ng kultura. At nangyayari iyon sa kanila dahil sa pagkakaantas ng halaga ng paggawa na nagbibigay ng nakalululang gantimpala sa mga pangunahing tauhan habang nagbabayad lamang ng barya sa mga walang mukha at walang pangalan.

SILANG MGA EMPLEYADO LAMANG

Ang mga marhinalisado ay ang mga manggagawang pangkultura na hindi nabibigyan ng indibidwal na pagkilala sa kanilang nalikha sapagkat sinasabing hindi "tanging kanila" o eksklusibo ang estilo o ideya. Kabilang sa kanila ang mga maliliit na manunulat na hindi pagmamay-ari ang nagawang malikhaing kuwento, mga editor na hindi pa eksklusibo ang hawak sa pinagtagpi nilang mga eksena, mga kompositor na napapailalim sa higit na kilalang kompositor o kompanyang nagbibigay-trabaho sa kanila, mga ekstrang hindi ganoon kaganda o kaguwapo o sadyang hindi "itsurang pambida." Sila rin ang mga payak na empleyado na bagama't napakamalikhain ng kanilang ginawa, at may malaking impact sa mga tao; ay nabibigyan lamang ng maliit na halaga dahil hindi kumikita ang kanilang produkto o may komplikadong sistema ng paggawa, pagpapalaganap, at pagbibili ng mga produkto.

Ang mga potograpo at kartunista (Php 150 pa rin yata ang bayad kada piraso!), manunulat (Php 200!), layout artist, copy editor, mananayaw, puppeteer, graphic

artist, at marami pang kakarampot na bayad sa kada piraso o oras at hindi aabot sa legal na minimum na suweldo kapag pinagsama ang kita. Ang masaklap, kailangan nilang isuko ang nagawa at maging ang batayang porma nito tulad ng photographic negatives, writer's drafts, artist's illustrations, blueprints, at models dahil empleyado lamang sila, na nagawa ang produkto habang nakapailalim sila sa, at sinasahuran ng, kompanya. Wala silang karapatang-ari sa nalikha nilang bagay.

Ang nakakapagpalubag ng loob nila ay ang pagpalakpak ng mga manonood (napakahusay ng mga gumanap at bumo ng produksyon ng Pobreng Alindanaw at Sino Ba Kayo? ng Enta!), paglathala sa mga pahayagan at magazine, pagbanggit sa radyo, papuri sa social media, at personal na pagpapaalam na natutuwa tayo sa kanilang ginawa.

PAG ANGAT MULA SA MARHINALISASYON

Maaari rin namang makalipat at makaaangat ang isang artista mula sa marhinalisadong posisyon tungo sa sentro at ituktok. Ito'y sa pamamagitan ng sipag, tiyaga, disiplina, pag-aaral, pagsasanay, at pagtangkilik ng marami. Kapag nakaipon na ng sapat na kultural na kapital, maaari nang maisalin sa panlipunan at ekonomikong antas ang nakamit na tagumpay.

Dahil rin sa kultural na kapital na napanghawakan, maaari na siyang magsisimulang magtakda hindi lamang ng presyo kundi ng kung ano ang "totoo," "mabuti," at "maganda" sa kanyang larangan. Kapag nailagay sa siya isang kritikal na posisyon sa isang institusyon (ahensya ng pamahalaan o pribadong sektor, museo, akademya, mass media, palimbagan, at pandaigdigang organisasyon), tiyak nang maipalalaganap ang kanyang mga idea.

Maaari ring makamit ang tagumpay sa pamamagitan ng koneksiyon, gaya ng nangyari kay Carlo Caparas na bigla na lamang naging Pambansang Alagad ng Sining noong 2009, sa kumpas ng pangulo. Idinidiin ng mga tumutol ang kawalan ng linaw at responsibilidad sa proseso ng kanyang pagkakatanghal, habang ang iba nama'y tinutuligsa ang kalidad ng kanyang mga akda. Maganda sanang mabigyan ng karampatang pagkilala noon ang "mababang" porma ng sining ng komiks na hindi matatawarang naitaguyod ni Caparas, ngunit kapag nagsama na ang estetika at maruming politika, tiyak na hindi ito makabubuti para sa atin.

SENSURA: ISANG AKTO NG PAGSASAISANTABI

Sa proseso ng paglikha, isang gawain ang lubusan ding nakapagsasaisantabi sa mga artista at manggagawang pangkultura: ang sensura. Ito na yata ang pinakamahigpit na kalaban ng sinomang lumilikha ng sining. Kung ang kaliitan o kawalan ng karampatang kabayaran sa nagawang produkto at ang kawalan ng karapatang-ari ay nagaganap sa yugtong natapos na ang paglikha, pinapatay ng sensura ang mismong paglikha ng sining. Nagaganap ito kung may awtoridad na hindi pumapayag na maipalaganap ang obra sa mga kadahilanang moral, ideolohikal, politikal, o espiritwal. Mangyaring tapos o buo na ang kultural na produkto ngunit hindi ito mamamasdan, maririnig, mararanasan, maging maaamoy at malalasahan at sa gayo'y hindi matatangkilik ng publiko nito, gaano man kalaki o kaliit ang ninanais na maabot.

Agosto 2011 nang magulantang ang bansa sa Kulo exhibit sa Cultural Center of the Philippines Main Gallery. Nagalit ang mga taong nagpakilalang galing sa sektor ng relihiyon sa likha ni Mideo Cruz na Politeismo, isang installation art na artistikong pagtuligsa niya sa praktika ng idolatry. Ikinagalit ng marami ang partikular ang imahe ni Hesu Kristo na may imahe ng ari ng lalaki na nakalagay sa mukha nito.

Nang maisipan namang magtanghal ng mga batang artista na galing sa Unibersidad ng Santo Tomas ng kanilang mga likhang-sining bilang paggunita sa 150-taong anibersaryo ng kapanganakan ni Jose Rizal at 400-taong anibersaryo ng kanilang pamantasan; humalaw sila ng inspirasyon sa mga idea ng Pambansang Bayani. Kakatwang galing sa sinasabing konserbatibong pamantasan ang gumawa ng mapanuring mga likhang sining, isang pangyayari na dapat sana nating kilalanin at purihin pa nga.

Pinakamatinding porma ng sensura ang sensura sa sarili. Dito mamamalas ang kapangyarihan ng panunupil dahil ang indibidwal na manlilikha na mismo ang magpapatahimik ng kanyang sarili.

PAGSUPIL SA MARHINALISASYON

Maaari bang mabawasan o mapawi ang pagsasantabi sa mga marhinalisado?

Noong Nobyembre 2007, naging kabahagi ako ng isang pangkulturang produksyon na itinanghal sa CCP sa pamamagitan ng suporta ng National Commission for Culture and the Arts. Simpleng kawani lamang ako na nag-ayos ng mga teknikal at lohistikal na mga kahingian ng proyekto. Sa isang konsiyerto na humalaw ng inspirasyon sa mga obra ni Amado Hernandez, nagsama ang mga manggagawang pangkultura mula sa mga batayang sektor gaya ng Sining Bugkos, Karatula, Angono Artists' Collective, Kapisanan ng Mandudula sa Marikina, at marami pang iba at ang mga grupong Philippine Philharmonic Orchestra, Ballet Philippines, at Philippine Madrigal Singers.

Kabahagi rin ng multimediang pagtatanghal ang mga obra ng mga

SA SANDALING PAGKAKATAON NA SANA'Y MAULIT-ULIT PA, NAGSAMA ANG NASA SENTRO AT ANG MARHINALISADO, PARA SA ISANG PAKSA AT LAYUNING INIAAALAY NILA SA MGA TAONG NASA HARAP NILA—ANG PUBLIKO, ANG MAMAMAYAN.

Pambansang Alagad ng Sining na sina Bienvenido Lumbera, Ben Cabrera, Salvador Bernal, Napoleon Abueva, at Lucio San Pedro; mga artista sa teatro't pelikula na sina John Arcilla, Ma. Isabel Lopez, Nonie Buencamino, Joonie Gamboa, Leo Martinez, Armida Siguion-Reyna, ang yumao nang Behn Cervantes, at maging mga lider ng kilusang masa na sina Satur Ocampo at Nanay Mameng Deunida.

Pambihirang pagkakataon ito dahil nagsama-sama ang mga artista mula sa "high," "low," at "popular" na sining upang lumikha at magtanghal ng sining na ang paksa'y mga karapatang sibil ng mamamayan- at hindi sila humingi ng bayad. Noong gabi ng produksyon ay biglang nagdeklara ng state of emergency si Gloria Macapagal-Arroyo dahil sa mga kaganapan sa sektor ng militar at oposisyon na pinangangambahan niyang nagbabanta sa kanyang paninilbihan bilang pangulo. Biglang nalagay sa panganib ang ilan sa mga personaheng kalahok sa produksyon.

Sa gabing iyon, may mga bagay na itinulak unawain ng pagkakataon. Walang sensura sa sinabi, pinatugtog, itinanghal, sinayaw, at inawit ng mga artista. Sa ilang sandali, maaaring mapunta sa sentro ang mga naisasantabi o marhinalisado, bagay na nangyari sa mga hindi gaanong kilalang grupong pangkultura na nakapagtanghal sa Tanghalang Nicanor Abelardo pa mismo ng CCP.

Gayundin, pansamantalang nailagay sa marhinalisadong posisyon ang mga nasa sentro nang ang kanilang sining ay tinangkilik ng publikong hindi karaniwang nanonood ng kanilang palabas (ang mga marhinalisado mismo na kalakhan ng mga manonood ng gabing iyon). Idagdag pa ang katotohanang gumagawa sila ng likhang-sining na kritikal sa namamayaning kultura ng panunupil sa bansa, kahit pa maaaring mailagay sa panganib ang kanilang buhay bunga ng state of emergency.

Siyempre, isa itong pambihirang pagkakataon: magulo ang administrasyon at may state of emergency nga. Ngunit paano kung ang emergency na ito, ayon sa Aleman (at marhinalisadong Hudyo sa Alemanya noon na dinodomina ng mga Nazi) na pilosopong si Walter Benjamin, ay maging palagian at siyang patakaran (not the exception but the rule)? Sa sandaling pagkakataon na sana'y maulit-ulit pa, nagsama ang nasa sentro at ang marhinalisado, para sa isang paksa at layuning iniaalay nila sa mga taong nasa harap nila—ang publiko, ang mamamayan.

Si JPaul Manzanilla ay isang Instruktor sa Kagawaran ng Kasaysayan, Paaralan ng mga Agham Panlipunan, sa Pamantasang Ateneo de Manila.



MARHINALISASYON SA PAGGAWA NG PELIKULA



NI SKILTY LABASTILLA
SINING NI KHALIL REDOBLE

ISANG PAGTINGIN SA MGA KABABAIHANG DIREKTOR AT REGIONAL CINEMA

Simula nang maitatag ang Cinemalaya Independent Film Festival at ang Cinema One Originals Film Festival noong 2005, nag-iba ang tanawin ng pelikulang Pilipino. Nabigyan ng pansin ang mga obra ng mga manlilikhang dati'y hindi makapasok sa mainstream na industriya dahil sa kakulangan ng karanasan at koneksiyon sa mga mayroong kakayahang magpasya. Mga batang manlilikha ang karaniwang sumasali sa ganitong mga festival, silang mga hindi kinailangang sumailalim sa komersyal na pag-iisip para makagawa ng pelikula. Gayundin, alam ng mga bumubuo sa komite na hindi nakatali ang mga mapipili nilang pelikula sa layuning pumatok at kumita sa takilya. Mga pelikulang may makabagong perspektiba at estilo ang karamihan sa mga nabibigyan ng grant sa dalawang festivals na ito.

Gayunpaman, kahit na tila patas ang nagsasariling mga pelikula (kung saan nagiging labanan ito ng talento at tunguhin), may makikita pa ring marhinalisasyon sa demograpiko ng mga napipiling manlilikha ng pelikula. Una, mapapansing mga pelikulang Tagalog ang karaniwang nabibigyang-pansin. Kakaunti ang mga pelikulang gawa ng mga manlilikhang mula sa labas ng Katagalugan. Pangalawa, kakaunti rin ang mga pelikula gawa ng mga babaeng direktor. Sa gayon, layunin ng sanaysay na ito ang pagbigay-pansin sa dalawang marhinalisadong aspekto ng pelikulang Pilipino – ang regional cinema at ang kababaihan bilang mga direktor ng pelikula.

SINEHANG PAMPOOK

Binalikan ko ang listahan ng mga pelikulang nabigyan ng grant sa dalawang pistang pampelikula at binilang ko kung ilan sa mga ito ang matatawag na pelikulang pampook. Para sa akin, ang pelikulang pampook ay iyong hindi Filipino ang katutubong wika ng direktor at pangunahing wika ng mga tauhan nito. Sa walumpu't limang pelikulang nabigyan ng grant ng Cinema One, labimpito lamang ang maituturing na pelikulang pampook. Gayundin, sa isandaa't isang pelikulang nabigyan ng grant ng Cinemalaya, walo lamang ang pelikulang pampook. Sa katunayan, nakatanggap

ng parangal bilang Pinakamahusay ng Pelikula ang karamihan sa mga pelikulang pampook na ito, tulad ng Huling Balyan ng Buhi (Sherad Sanchez, 2006), Confessional (Jerrold Tarog at Ruel Antipuesto, 2007), Imburnal (Sanchez, 2008), Ang Damgo ni Eleuteria (Remton Zuasola, 2010), Halaw (Sheron Dayoc, 2010), at Ang Paglalakbay ng mga Bituin sa Gabing Madilim (Arnel Mardoquio, 2012).

Maituturing mang marhinalisado ang mga manlilikha ng pelikulang pampook sa Pilipinas, hindi ibig sabihin nito na mayroong mga institusyong sadyang nagsasantabi sa kanila. Kung tutuusin, sa kasaysayan ng pelikulang Pilipino, ang Cebuano Cinema lang ang matatawag na sinehang pampook sa Pilipinas simula nang pumasok ng teknolohiyang pampelikula sa bansa noong 1900s hanggang sa pagkamatay nito noong 1980s.

Napakahalaga sa paghubog ng makapanahong pelikulang Pilipino ang pag-usbong ng teknolohiyang digital para sa pelikula simula noong 2000s. Dahil naging mas mura na ang mga kamerang digital, mas marami ang nakagagamit nito at hindi na limitado sa Metro Manila (na sentro ng industriyang pampelikula dahil nandito ang mga malalaking film studio) ang paggawa ng pelikula. Nabigyang-boses nito ang mga pelikula at direktor na hindi naka-base sa Katagalugan.

Ginagawan naman ng paraan ng iba't-ibang institusyon ang pagpapalaki ng puwang para sa mga pelikulang pampook sa bansa, kabilang na ang National Commission on Culture and the Arts sa kanilang taunang Cinema Rehiyon, Mindanao Film Festival, Binisaya Film Festival, Sine Kabalen, at SalaMindanaw. Aktibo na rin ang mga kabataang nag-aaral ng Visual Arts Communication sa mga kolehiyo ng mga rehiyon sa paggawa ng maiikling pelikula. Hudyat ito ng unti-unting paglakas ng mga tinig ng mga regional filmmakers.

...MAS MALAKI ANG PINAPASANG AT PAPASANING SAKRIPISYO NG ISANG BABAENG DIREKTOR DAHIL SA ILANG MGA PANLIPUNANG EKSPEKTASYON AT TRADISYON NA HANGGANG NGAYON AY HINDI PA RIN TULUYANG NABUBUWAG.

KABABAIHAN SA PELIKULANG PILIPINO

Sa walumpu't limang pelikulang nabigyan ng grant ng Cinema One, labing-apat lamang ang gawa ng babaeng direktor. Sa Cinemalaya naman, labing-apat din (o 13%). Sa kabuuang industriya nitong nakaraang tatlong taon, hindi aabot sa sampung porsyento (26 sa 381) ng mga pelikulang Pilipino na pinalabas sa mga sinehan ang nasa direksyon ng mga babaeng direktor. Ibig sabihin, kaunti lang talaga ang mga babaeng nagiging direktor ng feature-length na pelikula.

Ano kaya ang dahilan nito? Hindi kaya mas kakaunti lang talaga ang mga babaeng nag-aral o nag-aaral ng Film at/o Audiovisual Communication sa kolehiyo? Ano-anong mga balakid ang nararanasan ng kababaihan sa pagdidirehe ng pelikula? May kinalaman kaya rito ang posibilidad ng pagiging ina nila at may epekto kaya ito sa kanilang gawain?

Upang masagot ang mga katanungang ito, humingi ako ng tulong sa ilang mga babaeng direktor. Tinanong ko sila kung ano sa tingin nila ang dahilan kung bakit kakaunti lang sa kanila ang nakakapag-direhe ng pelikulang mahahaba. Ang mga direktor na sumagot sa aking mga tanong ay sina Sari Dalena (The Guerrilla Is a Poet, 2013; Ka Oryang, 2011), Veronica Velasco (Tuhog, 2013; Last Supper No. 3, 2009), Pamela Miras (Pascalina, 2012; Wag Kang Titingin, 2010), Sigrid Andrea Bernardo (Ang Huling Cha-Cha ni Anita, 2013; Babae, 2005), Tara Illenberger (Guni-Guni, 2012; Brutus: Ang Paglalakbay, 2008), at Babyruth Villarama (Jazz in Love, 2013; A Letter from Ifugao, 2011).

Sa tanong ko tungkol sa bilang ng lalaki at babae na nag-aaral ng kursong Film sa kolehiyo man o sa mga film workshops, nagsabi silang lahat na mas marami pa nga ang mga babaeng nag-aaral ng Film. Ibig sabihin, karamihan ng mga babaeng nagtapos ng kursong Film o workshop sa paggawa ng pelikula ay hindi nakakapag-direhe ng feature-length na pelikula. Marami raw sa kanila ay nagpo-prodyus, nagsusulat ng pelikula o nagiging kasapi ng pangkat pamproduksyon gamit ang kanilang natutuhan sa teknikal na aspekto ng paggawa ng pelikula.

Ayon kay Dalena, "Sa aking pagmamasid, mas gusto ng aking mga kapwa babaeng direktor ang gumawa ng mga dokumentaryo, o maiiksing independent film. Nakahahanap sila ng higit na kaluguran sa pagkakaroon ng kalayaan sa pagpili ng paksang nais talakayin, pagkakaroon ng isang maliit na film crew na mayroong pondo para sa mga proyektong pang-adbokasiya, at pagkakaroon ng isang maluwag na daloy ng trabaho. Ibang-iba ito sa pagpirmi sa malalaking studio."*

Dagdag ni Miras, "Technical medium pa rin ang filmmaking at mas marami pa ring lalaki sa mga ganito. Nakasanayan na ang mga babae 'yong nag-aalaga ng creative force, tumutulong [isagawa] ang creative vision; [kaya] PMs (production managers), ADs (assistant directors), designers, [at iba pa]. May [pag-iisip] pa rin na ganito muna: PM muna or AD muna, [kalaunan] ay magdidirehe. Pero halos [nanatili na sila sa kanya-kanyang disiplina], sasabihing ayaw mag-direct,

ayaw ng sakit ng ulo."

Isang mahalagang kaalamang nakuha ko sa mga sagot na ito ang pagkakaroon ng malaking pangangailangan ng mga kababaihang patunayan ang sarili bago sila maturing na karapat-dapat maging direktor ng isang pelikula. Malinaw na napakalaki ng responsibilidad ng isang direktor para maisakatuparan ang adhikain ng isang pelikula. Siya ang namamahala sa artistiko at dramatikong aspekto ng produksiyon, paglalarawan ng iskrip, at paggabay sa kanyang mga aktor. Nanggagaling sa kanya ang karamihan sa malalaking desisyon. Dahil maituturing na patriyarkal ang kulturang Pilipino, hindi pa sanay ang mga lalaki- lalo na iyong mga matatanda- na tumanggap ng utos mula sa babae, lalo na kung mas bata ito.

Ayon kay Miras, "Kailangan talaga ng dalubhasa upang mapagana at magamit ang mga kamera at kagamitang pang-edit. Upang matawag na isang direktor, kinakailangan mong makuha ang respeto ng katrabaho at kapwa direktor, na madalas ay lalaki. Mahirap para sa matatandang lalaki ang sumunod sa mga batang direktor na babae. May mangilan-ngilang babae na nakukuha 'yong ganoong respeto at nagiging direktor. Pero konti lang sila. Kaya mas nagiging konti ang babaing modela para sa susunod na henerasyon."*

Bahagi ni Velasco,"Noong ginagawa naming ang Last Supper No. 3, hindi ako sinusunod 'nong animal trainer. Kung magtatanong man siya, lalapit siya sa aking DOP (Director of Photography). Natigil lang ito n'ong sinabihan siya ng DOP na hindi siya ang direktor, kundi ako. Dahil matanda na 'yong animal trainer, hindi siya sanay na babae ang direktor. Isa 'yong katotohanang dapat kong tanggapin. Gusto nila ng tradisyunal na direktor: malakas ang boses, mabilis manigaw at hindi maaring usisain ang kapangyarihan. Hindi ako gan'on. Kapag alam ko ang ginagawa ko, doon ko mailalabas ang kapangyarihan ko bilang direktor."*

Ilan sa mga natanong kong direktor ang nagsabing isang posibleng dahilan ng kakulangan ng babaeng direktor sa bansa ang pagtuturing na ideal sa isang babae ang pagiging madaling pakisamahan at marunong makinig, imbes na mag-utos.

Ani Villarama, 'Tinuruan tayo bilang Katoliko na makinig at sumunod, maging Marian-like. Nangangailang ng mga kababaihang mayroong lakas ng loob at kapangahasan upang masabi nila ang mga naiisip sa marahas at balimbing na industriyang ito." *

Sinusugan ito ni Dalena, na nagsabing, "Ang mga babaeng gumagawa ng pelikulang mayroong matibay na thematic statement ang siyang nagigging matagumpay sa larangan ng pagdidirehe ng feature-length na katha- maaring isang dokyumentaryo o isang kathang-isip. Sari-saring uri ng pelikula ang maaaring gawin ng isang lalaking direktor: aksiyon, komedya, katatakutan, drama o kahit komedyang mayroong kwentong pag-ibig. Bilang lamang ang mga klase ng pelikulang maaaring gawin ng mga kababaihan. Nangangailangang magkaroon ng mapangahas na pagkukuro ang isang babaeng direkto upang kilalanin."*

Sa tanong kung posible bang dahilan ang pag-aalaga ng pamilya sa pagpigil sa karamihan ng kababaihan sa pagdirehe, karamihan sa kanila ay nagsabing isa itong posibleng sanhi.

Ayon kay Miras, "kapag lalakeng filmmaker, kahit sinasabi nilang [prayoridad] ang pamilya, pero siyempre [prayoridad] ang [pelikula]. Sasabihing 'para sa family' yun - na totoo naman. Pero laging may asawa, [kasintahan] o babaeng kapamilya na nagsisilbing tagapangalaga sa mga anak. Pag babaeng manlilikha ng pelikula, [maswerte na] kung yung asawa mo or boyfriend yung [manatili] sa bahay para alagaan ang mga anak. Madalas sa babaeng kapamilya naiiwan yung mga bata, o sa katulong, na babae rin."
Kahit na malaking bahagi ng buhay ng may-anak na babaeng direktor ang pag-aalaga sa mga anak nito, hindi rin ibig sabihin na hindi kaya ng isang ina ang maging full-time na manlilikha ng pelikula.

Bahagi ni Dalena, "anim na taong gulang ang pangalawa kong anak noong nakatanggap ako ng grant mula sa Cinema One. Ibig sabihin noon kinakailangan kong magpasuso sa pagitan ng bawat takes. Nabigyan rin siya ng kanyang paunang pagganap sa pelikula. Kaya bago pa man siya umabot ng tatlong taong gulang, beterano na siya sa loob ng apat na pelikula! Ang pagigging ina ay hindi dapat maging dahilan ng pagtigil sa paggawa ng pelikula o ano mang uri ng sining."

Gayunpaman, ang isang direktor na ina ay inaasahang maging masinop sa pamamahala ng kanyang oras, lalo na kung nasa larangan ka ng paggawa ng nagsasariling pelikula na hindi naman nakakapagbigay ng malaking kita.
Sa obserbasyon ni Miras, "may stigma pa rin na pabaya kang nanay, kung nauuna ang craft mo, ang art mo. Sa lipunan ngayon, kelangan pagsabayin siya - at mahirap yun, doble trabaho. Tingin ko lang sa mga babaeng may mga anak, o breadwinners, mas malaki ang iaalay kung itutuloy mo ang craft mo or ang art mo. Mas may lamang ang mga babaeng single."

DAHIL NAGING MAS MURA NA ANG MGA KAMERA NA DIGITAL, MAS MARAMI ANG NAKAGAGAMIT NITO AT HINDI NA LIMITADO SA METRO MANILA...

Sa mga pahayag ng mga babaeng direktor, mahihinuha na mas malaki ang pinapasang at papasaning sakripisyo ng isang babaeng direktor dahil sa ilang mga panlipunang ekspektasyon at tradisyon na hanggang ngayon ay hindi pa rin tuluyang nabubuwag. Ang magandang balita ay optimistiko at nasasabing unti-unting dumarami ang bilang ng mga babaeng direktor kumpara noong mga nagdaang dekada.

ISANG MAHALAGANG KAALAMAN NA NAKUHA KO SA MGA SAGOT NA ITO AY ANG PAGKAKAROON NG MALAKING PANGANGAILANGAN NG MGA KABABAIHANG PATUNAYAN ANG SARILI BAGO SILA MATURING NA KARAPAT-DAPAT MAGING DIRECTOR NG ISANG PELIKULA.

ANG HAMON

Kahit may nakikita tayong liwanag sa dulo ng lagusan, hindi ibig sabihin na hahayaan na lamang natin ang panahon na ituwid ang kakulangan ng regional films at ang hindi pagkakapantay ng kasarian sa pagdirehe ng pelikulang Pilipino. Bilang manonood, nasa korte natin ang bola. May kapangyarihan tayong magpasyang tumangkilik ng mga pelikulang naglalahad ng ibang perspektibo kaysa sa nakasanayan na natin. Sa susunod na manonood tayo ng pelikula, tanungin natin ang ating sarili, "Nakakatulong ba ako sa pagbibigay ng boses sa mga marhinalisado sa lipunan o pinapatuloy ko lang ba ang paglaganap ng may kapangyarihan?"

**Isinalin mula sa Ingles*

Si Skilty Labastilla ay Pangulo ng Young Critics Circle Film Desk at Research Associate ng Institute of Philippine Culture.

1. Ang mga pelikulang feature-length ang haba lamang ang sinaalang-alang ko sa pagbilang ng mga pelikula. Ibig sabihin, hindi kasama dito ang mga maikling pelikulang nabigyan din ng grant ng Cinemalaya.



huwad NA PAG-UNAWA

NI REZ TOLEDO
SINING NI KHALIL REDOBLE

SINO NGA BA ANG MARHINALISADO SA LARANGAN NG MUSIKA?







PAGMUMUNI MUNI

Aaminin kong mahirap sagutin ang tanong na ito. Sa unang tingin pa lang, alam mo nang may pinanggagalingan. Mabigat. May-hugot. Pero may gusto ring iparating. May gustong maitulong.

Ngayon pa lang sasabihin ko nang walang tamang sagot. Wala ring maling sagot. At oo, hindi maiiwasang tingnan rin ito mula sa lente ng pamimilosopo.

Sa unang tingin pa lang, marami nang makikitang kaakibat na tanong na simbigat lang din ng una. Nagmumula ang mga ito sa iba-ibang perspektiba at konteksto.

“Bakit tungkol sa marhinalisado?” “Sino nga ba talaga sila?” “Ano naman kung may marhinalisado sa bawat larangan?” “Anong kailangang marinig ng nagtatanong?” “Bakit kailangang sa Tagalog ako magsulat?” “Ano kaya ang pagkakaintindi ng mambabasa sa ‘Musika’ at paano ito naiiba sa akin?” “Puwede bang tumugtog na lang tayo?”

Sa kabilang banda, kayang-kaya ko ring sabihing “Wala akong paki.” Eh ‘yong katabi mo nga, nakita lang na Tagalog at masyado yatang seryoso itong binabasa mo, pinili na agad niyang mawalan ng paki. At ikaw rin mismo, kahit alam mong importante itong bibabasa mo, sa loob-loob mo, baka may takot ka ring ipaalam sa marami kasi “Baka wala silang paki.”

‘Yan mismo ang hirap ng usapang-marhinalisasyon.

USAPANG MUSIKA

Ganito naman ang sa usapang-musika:

Tuwing pinag-uusapan ang Musika, malimit nating makalimutan na ang pinag-uusapan natin ay Sining. “Art” kumbaga. At sa kaka-hashtag natin sa mga bagay-bagay tulad ng #Art, nalilimutan na rin natin kung ano at para saan nga ba talaga ito.

Bago ka magpatuloy, pakitanong mo nga muna ang sarili mo: “Ano nga ba ang Musika para sa akin?”

Ano nga ba talaga ang Musika para sa iyo?

LARANGAN NG MUSIKA

Mas madaling pag-usapan ang Musika kung ipagpapalagay nating isa itong larangan ng sining. Ito rin mismo ang dahilan kung bakit mahirap nga siyang pag-usapan.

Kung ipagpipilitan nating ang musika ay tungkol sa kultura at sining lamang, maaaring hindi mo na agad makasundo ang mga mas simpleng taong “Music for Life” lang ang nalalaman. Para sa amin o sa atin, hindi maaaring musika “lang” iyon.

Hindi yata maaring maging “music lang” ang musika. Maliit man ang usaping ito sa ibang tao, Diyos naman ang turing dito ng iba. Ibig sabihin, maraming maaring gamiting perspektibo sa pag-alam kung ano talaga ang Musika.

Isa sa pinakamalawak na pag-unawa sa musika ang pagkilala rito bilang organisadong tunog (organized sound). Sa higit na malawak pang pagtingin, hangga’t kayang mabigyan ng organisasyon ang kahit anong tunog (vibration), Musika ito. Mula naman sa mas pino at mas kumbensiyonal na pag-unawa, makikita natin na maihahanay ang iba’t ibang uri ng musika sa ilalim ng mga genre na binubuo ng iba’t-ibang tunog at estilong musikal.

Ngunit sa panahon ngayon, alam nating mas lumalawak na ang pag-unawa natin sa musika. Kahit hindi natin lubusang namamalayan, nakikilala natin ang musika kahit anong kategorya pa ‘yan. Mas malaki na ang konspeto natin ng Musika kaysa sa mga kategoryang nakasanayan at kung aaraling mabuti, ang Musika bilang paglikha mismo ang bumubuo ng mga genre, naghalu-halo ng mga ito at nagbibigay daan para sa mas marami pang ganito. Naririnig na natin ang ganda ng mga kantang galing sa iba’t-ibang impluwensyang nahahagip natin sa Internet at iba pang paraan. At ang Internet rin mismo ang isa mga nagpapaalala sa atin na tulad nito, unibersal ang Musika.

MARHINALISASYON BILANG DESISYON

Pero kung tunay ngang unibersal ang Musika, na para ito sa lahat at mismong ang “lahat,” paano kaya nangyayaring mayroong marhinalisado sa “larangang” ito?

Ito ang sagot ko: Sa pagkakaintindi natin ng Musika ngayon, ang pumiling maging marhinalisado mula dito ang siyang marhinalisado.

Sila ‘yong mga “feeling-cool” kasi akala nila sila lang ang nakakaintindi ng musika nila. Sila ‘yong mga naiinggit sa mga musikero mula sa ibang bansa at musikerong nasa kabilang dulo ng maliit nilang mundo. Sila ‘yong mga kumakanta pa rin kahit napipilitan lang. Sila ‘yong mga ignorante sa kung ano talaga ang musika para sa kanila.

‘Yong mga galit sa estado ng musikang

SA PAGKAKAINTINDI NATIN NG MUSIKA NGAYON, ANG PUMILING MAGING MARHINALISADO MULA DITO ANG SIYANG MARHINALISADO.

SA KANILANG PERSPEKTIBA, MARHINALISADO SILA PERO SA TOTOO'Y NATATALI LAMANG SILA SA ISANG MABABAW NA PAGTINGIN SA KUNG ANO TALAGA ANG MUSIKA.

Pilipino, sila mismo ang nagtuturing sa sarili nila bilang marhinalisado, kahit alam naman nilang mas malaki ang Musika sa pagiging-Pilipino. 'Yong mga nakalilimot na ang musika ay tungkol sa koneksyon, organisasyon, tunog at paglikha. Sa kanilang perspektiba, marhinalisado sila pero sa totoo'y natatali lamang sila sa isang mababaw na pagtingin sa kung ano talaga ang Musika.

WALANG TUNAY NA MARHINALISADO SA LARANGAN NG MUSIKA

Maaari lamang mangyari ang pagiging marhinalisado sa Musika kung nawawala ang mismong koneksiyon mo sa kung ano ang Musika para sa iyo. Sa makatuwid, isa itong desisyon. Hinayaan lang nila ang sarili nilang na maging diskonetado sa tunay na pagmememeron ng Musika.

Hindi na ako naniniwalang may tunay na marhinalisado sa larangan ng musika. Dati, oo, at ipinaglaban ko iyon sa abot ng aking makakaya hanggang sa umabot ako dito. Pero sa landas na iyon ko rin mismo naalalang nakakamit ko na mismo iyong ipinaglalaban ko kahit mag-isa lang ako; na sa bawat segundo, kaya kong lumikha ng iba, bago, mas malawak at mas eksaktong pag-unawa sa Musika.

Paminsan-minsan, iba na rin nga ang tawag ko dito.

Maaaring ding tama o mali ang pag-unawa ko sa tanong o sa mga depinisyon ng Musika at pagiging marhinalisado. Pero sa dinami-rami ba naman ng klase at depinisyon ng Musikang nariyan, sigurado ka pa bang kaya mong hayaan ang sarili mong maging marhinalisado mula rito? M

Si Rez Toledo ay nagtapos ng kursong BS Management Information Systems sa Pamantasang Ateneo de Manila nitong nakaraang Marso. Isa siyang musikero at producer mula pa noong high school. Nakilala siya ng madla bilang Somedaydream. Sa kasalukuyan, patuloy siyang gumagawa ng musika at iba't ibang proyektong umiikot pa rin sa mundong ito.



SA LAYLAYAN

NI PHILLIP YERRO KIMPO
SINING NI KHALIL REDOBLE



NG MGA LAYLAYAN

Kumusta na ang panitikan ng mga wikang iilan ang nagwiwika?

Nitong mga nakaraang taon, nilibot ng aming samahan ng mga makata (LIRA) ang Filipinas upang paigtingin ang husay sa komunikasyon at pagmamahal sa bayan ng halos 3,000 benepisyaryo gamit ang panulaang Filipino. Sa aming pakikipagtalastasan sa mga guro at mag-aaral mula sa iba't ibang rehiyon, hindi maiiwasang matalakay ang isang usapin sa panitikang Filipino—ang diumano'y marhinilisasyon ng mga panitikan sa mga rehiyon.

Hindi maitatanggi ang gahum ng tinatawag na "sentro" (Metro Manila), at kung paano nito pinahihina ang lakas ng mga panitikan sa "laylayan" (mga rehiyon, lalo na ang malalayo sa Kamaynilaan). Ngunit nitong mga nakaraang taon, hindi rin maitatanggi ang pag-usad at paglakas ng mga panitikang rehiyunal—buhay na buhay ang mga samahang panitikero at national/regional workshops sa mga malalaking lungsod sa labas ng Maynila, mula hilaga hanggang timog (Baguio, Naga, Legazpi, Cebu, Bacolod, Dumaguete, Davao, atbp.) Patuloy na nagluluwal ng matitinik na manunulat at mga antolohiya/sariling koleksiyon ang mga lugar na ito.

Ngunit ang mga malalaking lungsod na ito ay maituturing ding sentro ng kani-kanilang kaharian. May sari-sarili silang laylayan. Sa Western Visayas (Region 6), bilang halimbawa, malakas ang panitikang Hiligaynon. Hindi rin magpapahuli ang panitikang Kiniray-a. Ngunit sa rehiyong ito, mayroon pang ibang mga wika at panitikan, mga wika at panitikan ng mas maliliit na pangkating etnolingguwistiko. Kabilang dito ang panitikang Aklanon (ang aking tinubuang lalawigan), at mga panitikan ng mga "indigenous people" (IP), tulad ng mga Ati. Hindi nawawala ang panganib na makubkob ang mga panitikang ito ng panitikan sa Ingles, Filipino, at dominanteng wika ng rehiyon (hal. Hiligaynon). Hindi lang isa, dalawa, ngunit tatlo o mahigit pa ang mga wikang kaagaw sa atensiyon ng mga manunulat—at mambabasa—sa mga pook na ito. At nauulit ang ganitong kalagayan sa iba pang rehiyon ng Filipinas.

Maaaring sabihin na sa patuloy na pamumukadkad ng mga panitikan sa "regional centers," sa tulong na rin ng makabagong paraan ng komunikasyon (social media) na lumulusaw sa mga moog at tore, ang tunay na marhinalisado ay ang mga "laylayan ng laylayan," ang mas maliliit na wika at panitikan sa mga rehiyon. M

Si Phillip Yerro Kimpo ay nagtapos mula sa Unibersidad ng Pilipinas- Diliman. Kasalukuyan siyang Punong Patnugot ng Choose Philippines, ABS-CBN. Siya rin ang pangulo ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA, Inc.).





LABAN LUPA LABAN BUHAY

ISANG MANIPESTO NG KABATAAN UPANG PIGILAN ANG AGAWAN NG LUPA AT ILIGTAS ANG REPORMA SA LUPA

Kami ang mga Atenistang para sa Pagkilos ng Repormang Pang-agraryo o mas kilala bilang Ateneans for Agrarian Reform Movement (AFARM)- isang pagkilos ng mga mag-aaral at ng mga tagapagtaguyod ng hustisyang panlipunan mula sa Ateneo at mga katuwang nitong organisasyon, at ang Buklod Atenista, ang alyansa ng mga pamahalaang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Davao, Pamantasang Ateneo de Manila, Pamantasang Ateneo de Zamboanga at Pamantasang Xavier – Ateneo de Cagayan.

Naniniwala kaming mapatutunayan ng gobyerno ng Filipinas ang kanyang dedikasyon sa karapatang pantao at hustisyang panlipunan kung maisasakatuparan ang repormang pang-agraryo. Dahil dito, nakikiisa kami sa pinaninindigan ng marhinalisadong magsasakang Filipino, na hanggang ngayo'y hindi pa na bibiyayaan ng lupang nararapat sa kanila, sa kabila ng pagkakapasa ng CARPER Law (RA 9700).

Kinikilala namin ang higit sa dalawampu't anim (26) na taong nakikipaglaban ng mga magsasaka para sa kani-kanilang lupa, buhat pa nang unang maipasa ang orihinal na CARP Law (R.A. 6657) noong 1988. Lubos kaming nababahala na sa loob ng panahong iyon, lubos na mabagal ang pamamahagi ng lupa at patuloy ang pagkakait sa karapatan ng mga kapatid nating magsasaka.

Kaugnay nito, umaapela kami kay Pangulong Benigno S. Aquino na pumanig sa mga marhinalisadong mag-sasaka sa pamamagitan ng pagpapatibay ng agarang pagpapasa ng batas. Binibigyang-diin namin ang halaga ng pagbibigay daan sa pagpapatuloy ng distribusyon ng lupa sa ilalim CARP kahit lumampas pa sa naitakda nitong patay-guhit na Hunyo 30, 2014. Hinihimok namin ang mga mambabatas sa Senado at Mababang Kapulungan na siguruhin ang pagpasa ng nasabing batas sa lalong madaling panahon.

Mangyaring hindi mapagtibay ang nasabing lehislasyon bago ang ika-30 ng Hunyo, hinihiling namin mula kay Pangulong Aquino na maglabas ng kautusang tagapagpaganap o direktiba para sa Department of Agrarian Reform (DAR) upang kumpletuhin ang bahagi ng CARP na nakatuon sa pamamahagi ng lupa, lampas man sa patayguhit.

Kaugnay nito na may kaparis na halaga, aming hinihimok ang Kagawaran ng Repormang Pansakahan (DAR) na maagap na manindigan sa pagsulong ng karapatan ng mga magsasaka sa lupa. Hinihingi namin ang kanilang pagtugon sa nalalapit na patayguhit ng pamamahagi ng lupa, sa mga kaso ng agawan ng lupain, at sa paglabag sa karapatang pantao ng mga magsasaka.

Matibay an gaming paniniwala na pangunahing atas sa DAR ang maging tagapagtanggol ng karapatan ng mga magsasaka sa kabila ng oposisyong politikal mula sa iba't ibang sektor. Taliwas sa tungkuling ito ang kasalukuyang pagka-konserbatibo't "walang kinikilingang" pagkilos ng kagawaran.

Tinututulan namin ang lahat ng mga gawaing naglalayong baligtarin ang reporma sa lupa: gaya ng land grabbing na nagaganap sa kalakhan ng bansa. Umaapela kami sa lahat ng mga ahensiya ng gobyerno na may kaugnayan sa isyung ito na maglabas ng kautusang nagpapatigil laban sa mga kaso ng agawan sa lupa at iba pang ilegal na gawain sa industriyang agraryo.

Kinikondena rin namin ang lahat ng krimeng nagaganap lalo na ang pagpatay sa mga pinunong magsasaka. Humihingi kami ng agarang imbestigasyon ng lahat ng mga paglabag sa karapatang pantao na mayroong kaugnayan sa reporma sa lupa na nagaganap sa ating mga probinsya.

Bilang panghuli, aming tinatawagan ang kabataan na makiisa sa amin sa pakikipaglaban para sa reporma sa lupa sa ilalim ng CARPER, sa pagkilos laban sa pang-aagaw sa lupa ng mga magsasaka. Hindi na sana humantong pa sa ano pa mang karagdagang pagbubuwis ng buhay. Matapos ang ilang dekadang paghihirap, sa wakas sana'y makamit na ng mga magsasaka ang hustisyang panlipunan na kanilang inaasam.

Labang Makatao para sa Lupang Pinangako: ipagpatuloy at agarang tapusin ang CARPER ngayon din!







TUNGO SA IKA-30 NG HUNYO

QUO VADIS, CARPER?

(SAAN TAYO HAHANTONG, CARPER?)

NI JERIK CRUZ
SINING NI KHALIL REDOBLE



Limang taon matapos ang ipinagpunyaging pagpasa ng CARPER Act (R.A. 9700), muling nasa alanganing posisyon ang Comprehensive Agrarian Reform (CARP). Nalumpo dahil sa mahinang pamumuno't natabunan ng iba't ibang mga suliranin gaya na lamang ng nag-uumapaw na kaso ng agawan ng lupa, pagbago sa kahulugan ng mga ito't paglabag sa mga karapatang pantao, nailagay sa panganib ang kinabukasan ng nasabing programa na mayroong kaakibat na ilang mabibigat na mga resulta kung hindi man ang mismong pagkabigo sa pagpapatupad nito.

Hindi ito ang unang pagkakatong nailagay sa alanganin ang pambansang reporma sa lupa. Buhat nang unang maipatupad ang CARP noong 1988, nasaksihan ng mga nagdaang administrasyon ang kawalan ng interes dito ng gobyerno sa iba't ibang nibel.

Ngunit ngayon, nagkaroon ng malawakang kaugnayan ng reporma sa lupa sa mga mahihirap. Sa pagkakataong ito, hindi na lamang ang pagkumpleto sa pinakamatagal nang programa ang nakataya kundi maging na rin ang ultimong pagsasaka bilang isang pamamaraan ng pamumuhay ng mga pinakanamamahinarlisa sa Pilipinas.

DAR NI AQUINO: ISA SA PINAKAMASAMANG TALA NG CARP SA KASAYSAYAN?

Isa sa pangunahing panganib na bumabalot sa CARP ay ang nalalapit na patay-guhit ng bahagi nitong nakatuon sa pagtamo at pamamahagi ng lupa o ang land acquisition and distribution component (LAD). Bagaman nakikita bilang mainam ang pagbibigay reporma sa programang pang-agraryo, maging na rin sa mas naglalakihang reporma (gaya ng pagpapatigil ng kumbersiyon ng mga lupang maaaring sakahan), ang CARPER law ay nararapat ring mailatag sa isang konkretong balangkas at kalendaryo upang makumpleto ang natitirang balanse nito sa LAD na magtatapos sa ika-30 ng Hunyo nitong taon. Gaya ng isinaad sa Section 5 ng R.A. 9700:

"Ang DAR (Department of Agrarian Reform), sa pakikipagtulungan sa Presidential Agrarian Reform Council (PARC) ay magpaplano at isasaprograma ang huling pagkuha at pamamahagi ng lahat ng mga natitirang hindi naaangki't naipamamahaging lupang pang-agrikultura para sa pagpapatupad ng batas na ito hanggang ika-30 ng Hunyo, 2014." Lampas sa naturang patay-guhit, ang mga lupang hindi pa nabibigyan ng Notice-of-Coverage (NOC) ay humaharap sa panganib na hindi na maipamahagi pa.

Ngayong nalalapit na ang ika-30 ng Hunyo, bumibigat na rin ang katotohanang malayo-layo pa sa pagkakumpleto ang programa. Ayon sa huling tala ng DAR, 790,671 ektarya ng lupa ang nararapat pang maipamahagi sa mga benepisyaryong magsasaka sa pamamagitan ng Certificates of Land Ownership Awards (CLOAs) noong

Pebrero 2014 kung saan 206,532 ektarya pa ang dapat na makatanggap ng kanilang mga NOC.

Ngunit taliwas sa nabanggit, mas mataas pa ang balanse ng mga hindi pa naipamamahaging lupa kaysa sa nabanggit sa estadistika na naibigay ng DAR bilang ang mga tala ng mga nagawa na ng kagawara'y isang resulta ng mga anomalya rito.

Ayon sa taya ng isinagawa ng Simbahang Katoliko sa samahang Sulong CARPER, umaabot sa isang milyong ektarya ng lupa nitong nakaraang dalawang dekada ang napasailalim sa mapanlinlang na uri ng reporma sa lupa na ngayo'y nangangailangan ng pansariling inspeksiyon at epektibong muling pamamahagi.

Magkagayon, nakababahala rin ang tila walang pakundangang pagbawas ng DAR sa orihinal nitong balanse ng LAD. Nang magsimula ang administrasyong Aquino, nakakuha ito ng 1.5 milyong ektarya ng lupa upang maipamahagi ngunit nang sumapit ang taong 2011, bumaba ito sa 1.102 ektarya. Sa taunang basehan, binabaan ng DAR ang taunang layong maabot na LAD kahit pa walang katanggap-tanggap na dahilan kung bakit. Halimbawa, sa gitna ng Enero 2013 at katapusan ng taong 2012, 93,466 ektarya ng lupa naman ang tinanggal ng DAR mula sa mga lupang maaari nitong maipamahagi nang walang pagpapaliwanag sa mga nararapat na makarinig ng mga rason kung bakit ito nagkagayon na lamang.

Gayunpaman, hindi pa rin nakuha ng mga pagbabawas na itong mapagtakpan ang katotohanan ukol hindi maayos na pamamalakad sa CARP sa ilalim ng kasalukuyang administrasyon. Sa katunayan, ito pa nga ang hindi uminda nang lubusan sa naturang programa simula 1988. Mula Hunyo 2010 hanggang Hulyo 2013, 360,464 ektarya lamang ng lupa ang naipamahagi ng DAR—halos 26 na porsiyento lamang ng nabawasan nang balanse ng LAD. Para naman sa taunang pamamahagi ng lupa, ang tanging naabot lamang ng DAR sa ilalim ng pamamahala

ADMINISTRASYON	DISTRIBUSYON NG LUPA	TAUNANG DISTRIBUSYON
CORAZON AQUINO	854,518 EKTARYA	141,419.7 EKTARYA
FIDEL RAMOS	1,900,035 EKTARYA	316,672.5 EKTARYA
JOSEPH ESTRADA	222,907 EKTARYA	89,162.8 EKTARYA
GLORIA MACAPAGAL-ARROYO	954,408 EKTARYA	119,301 EKTARYA
BENIGNO AQUINO III	360,464 EKTARYA*	120,154.7 EKTARYA

*Mula Hunyo 2010 hanggang Hunyo 2013

Pinagmulan: *DAR Accomplishment Reports*, 1988-2012

ni Secretary delos Reyes ay humigit-kumulang 120,154 ektarya lamang kada taon nitong huling tatlong taon—mas mababa kumpara sa mga nauna sa kanya sa panahon ni Corazon Aquino (141,420 ektarya kada taon), at Fidel Ramos (316,673 ektarya kada taon). Kapareho naman nito halos, ang naipamahagi lamang sa panahon ni Gloria Macapagal-Arroyo (119,301 ektarya kada taon) na nakaranas pa ng pagtigil sa pamamahagi ng lupa simula 2008 hanggang unang bahagi ng taong 2010. Ang mas mababa lamang sa kasalukuyan ay ang naipamahaging lupa sa panahon ni Estrada (89,163 kada taon).

Ayon sa DAR mismo, ang kadahilanan sa likod ng nakadidismayang pamamaraan ng pagpapatakbo ng ahensiya'y ang kalagayang halos lahat ng natitirang balanse ng LAD ay pribadong pagmamay-ari na kung saan mataas ang oposisyon sa reporma sa lupa. Ito, sa perspektiba ng DAR, ay nadoble pa ng maraming teknikal na problema na sumulpot sa proseso ng LAD—gaya na lamang ng kahinaan sa pagdodokumento, isyu sa hurisdiksyon, at isyu sa pagmamay-ari ng lupa.

Bilang pagtaliwas sa mga administrasyon kung saan mas nakakuha ng pundasyon ang reporma sa lupa gaya na lamang ng kay Fidel Ramos, nakikilala ang DAR sa administrasyon ni Benigno Aquino III sa paglayo nito sa mga legal at teknikal na proseso na nagreresulta sa matinding pagbagal sa pamamahagi nito ng lupa; sa pagiging pabaya pagdating sa mga suliraning dala ng away sa lupa; sa limitado nitong pagsuporta sa mga grupo ng magsasaka; sa mas sarado nitong polisiya sa mga panlipunang pagkilos; at sa pagiging malihim nito pagdating sa mga mahahalagang impormasyon gaya na lamang ng listahan ng taunang pagbabahagianan ng lupa sa bawat probinsya maging na rin sa estado ng mga kaso ukol sa pagmamay-ari ng lupa.

Nagkaroon na ng pagsusuri sa kabuuan ng problema ngunit kung titingnan, maiuugnay ang naging pagsibol ng DAR ng kasalukuyang administrasyon sa malakihang pagkaparalisa ng implementasyon ng CARP. Sa ilalim ni Pangulong Aquino, imbes na kilalaning ito ang maaaring makipaglaban para sa mga magsasakang Filipino, mas pinili ng DAR na manahimik at ilayo ang sarili sa tungkulin nitong maging daan upang hindi maisantabi ang pagkilos ng ating mga magsasaka.

Kung mas maaga itong nabigyang pansin, maaring kahit mahirap ay maging posible, na matapos ang pamamahagi ng LAD bago sumapit ang ika-30 ng Hunyo 2014. Sakaling nagkagayon man, hindi na magkakaroon ng ganitong klaseng pangamba ngayon: na higit sa isang milyong pamilya ng mga magsasaka ang nanganganib na hindi na magantimpalaan pa ng mga lupaing ipinangako sa kanila ng CARPER law ayon na rin sa konstitusyong nalikha noong 1987.

PAGBALIGTAD SA REPORMA SA LUPA

Sa kasalukuyan, bahagi lamang ang kakulangan sa pagkilos ng DAR sa mga suliraning kinakaharap ng reporma sa lupa. Ang mas nakababahala ay ang unti-unting pagsibol ng mga nakaraang insidente ng agawan sa lupa, ilegal na kumbersiyon nito, paglabag sa mga karapatang pantao ng mga benepisyaryo, at

ang mga panghukumang opensiba kontra ng mga may-ari ng lupa at mga pwersang laban sa reporma.

Gaya ng unang naitala ni Hon. Walden Bello, sa kalagitnaan ng 2012 at 2013, nagkaroon ng 4.16 posiyentong pagtaas sa bilang ng mga kasong naisampa sa DAR Adjucation Board (DARAB). Patuloy pa rin ito sa pagtaas at kabilang sa mga kasong ito ang mga kaso ng pagpatay gaya na lamang ng sa mga pinunong magsasaka at mga aktibista sa probinsya na sina Melon Barcia ng Hasyenda Dolores sa Pampanga, Lisa Tulid ng Bondoc Peninsula sa Quezon, at ni Dexter Condez ng isla ng Boracay na naganap lamang nitong nakaraang dalawang taon.

Karagdagan pa riyan, sa kalakhan ng bansa, naiuulat na ilang mga rural na mga komunidad na rin ang patuloy na inaagawan ng lupa kahit pa ilang dekada na ang kanilang naging paninirahan sa mga lupang iyon—upang makapagbigay daan sa pagpapalago ng turismo, pagpapatayo ng mga komunidad. ng mga Freeport, at para sa pagmimina. Sa mga naglalakihang mga proyektong ito, maibibilang ang mga sumusunod na lupang naapektuhan: ang 12,923 ektaryang lupa ng Âurora Pacifice Economic Zone (APECO) sa Aurora, ang 9,605 ektarya sa isla ng Sicogon sa Iloilo, at ang pagbabago ng 1,125 ektarya sa Hasyenda Dolores sa Pampanga upang maging Alvierra: The Next Nuvali ng Ayala Land.

Matagal nang sakit ng Pilipinas ang agawan sa lupa ngunit ang masasabing bago sa kaso nito ngayo'y ang motibo sa likod ng mga ito—ang inaasahang malaking balik sa paggamit ng mga lupang nabago ang mga depinisyon mula sa pagiging lupang agrikultural at para sa mga kagubatan. Nangunguna rito sa kasalukuya'y ang mga naglalakihang mga kumpanya gaya na lamang ng Ayala Land at ng Vista Land na naglalayong gamitin ang mga nasabing lupang ito bilang mga lugar para sa komersiyo at negosyo.

Walang listahan ng tiyak na dami ng lupang naiuugnay sa kasalukuyan sa agawan sa lupa ngunit kinukumpirma ng mga opisyal na pag-aaral at pagpapahayag na malaki ang epekto ng mga kasong ito sa repormang pang-agraryo at agrikultura. Simboliko sa sama-samang pagpapalawak ng sakop ng property developers ang hindi nasuring pagsulpot ng special economic zones at iba pang gaya nito (hal. tourism ecozones) sa kalakhan ng Pilipinas na naging 300 noong Disyembre 2013—hanggang 80.7 porsiyento mula sa 166 noong Hunyo 2008. Higit pa riyan, sa ulat ng World Bank ukol sa agawan ng lupa, pumapangalawa ang Pilipinas sa Asya sa mga mga bansang mayroong mga problemang mayroong kaugnayan sa pandaigdigang agawan sa lupa kung saan 3.1 milyong ektarya ng lupa ang ginamit ng gobyerno para sa pamumuhunan ng mga iba't ibang naglalakihang kumpanya mula sa ibang mga bansa't gobyerno.

Iilan lamang ito sa napakaraming mga palatandaang nagmumungkahi na sa kabila ng paghina ng DAR sa ilalim ng administrasyong Aquino, ang tunay na nagaganap ay kabaligtaran ng reporma sa lupa—ang pamamahagi ng lupa palayo sa mga magsasaka at patungo sa mga mayayamang mas nakatuon sa industriyalisasyon at modernisasyon.

Kasabay ng mga tradisyunal at agrikultural na mga pamilya na nabubuhay sa kahirapan, at ng pagtaas ng panggigipit mula sa mga property developers at ng kanilang pagnanais na makakuha ng mga lupain para sa komersiyal na paggamit, ang mga magsasaka sa buong Pilipinas ay nawawalan ng mga lupang nakatitulo sa kanila sa ilalim ng CARP.

ANG LABAN PARA SA KINABUKASAN NG CARP

Malupit ang maaaring kahantungan ng reporma sa lupa: limang taon matapos itong tulutang magpatuloy at dumaan sa reporma sa pamamagitan ng CARPER, marami pang hakbangin ang kailangang gawin upang makumpleto ang LAD sa ilalim ng administrasyong Aquino. Kung titingnan pa ang nakalulungkot na naging pamamaraan ng pagpapatupad ng gobyerno ng CARP, hindi na kagulat-gulat ang pagdami ng mga magsasakang kumukwestiyon kung seryoso pa nga ba ito sa pagpapatupad ng nasabing programa.

Bilang pangulo ng Congressional Oversight Committee on Agrarian Reform, sinabi ni Rep. Teddy Baguilat Jr. noong huling May 2014: "Hindi maramdaman sa DAR ang kanilang pagmamadaling tapusin ang programa para sa repormang pang-agraryo." *

Ngayong ilang araw na lamang bago sumapit ang patay-guhit ng CARP, kasama ang lahat ng mga panggigipit, umiiksi ang panahon para sa mga magsasakang walang lupa. Sa kasalukuyan, isang panibagong batas para sa pahabain ang panahon ng CARP ang pinag-uusapan sa Kongreso at tinatawagan ng mga kilusang mula sa mga rural na lugar si Pangulong Aquino upang aktibong makipagtulungan at makibahagi sa implementasyon ng programang sinimulan ng kanyang ina. Maraming mga kilos protesta na binubuo ng mga magsasaka mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas ang patungo sa Maynila upang masigurong ipagpapatuloy pa rin ng gobyerno at tatapusin ang CARP habang nakikibaka naman ang mga militanteng grupo para sa kanilang natatanging panukalang batas para sa repormang pang-agraryo.


Makukuha kaya ng mga magsasakang walang lupa, kasama ang kanilang mga kakampi, na maiahon ang pamamahagi nito—ang puso't kaluluwa ng programa para sa repormang pang-agraryo—sa huli nitong mga sandali? Magawa kaya ng mga mahihirap na mapigilan ang mga property developers, mga namumuhunan sa lupa, at rural elites—o talagang nakatakda na ang pagkakaapi sa kanila ng mismong sistema ng kanilang Inang Bayan?

Hindi ito ang unang pagkakataong nailagay sa matinding panganib ang CARP ngunit mangyaring ang lumabas na panalo rito'y ang mga magsasaka, hindi ito ang unang pagkakataon na sila, laban sa lahat, ang magwawagi sa isang tila napakaimposibleng tunggalian.

Nakahanda na ang entablado para sa laban para sa kinabukasan ng CARP: ihanda ang sarili sa hindi inaasahan. ⅏

**Isinalin mula sa Ingles*

Si Jerik Cruz ay isang alumnus ng Pamantasang Ateneo de Manila. Sa kasalukuyan, kilala siya ngayon bilang tagapagtaguyod ng karapatang pantao lalo na ng sa mga magsasakang Pilipino.



ANG MGA INEETSA-PUWERA NG TEKNOLOHIYA

NI FR. JOSE RAMON T. VILLARIN SJ
SINING NI JERUSCHA VILLANUEVA

Isa sa mga napapanahong paksa ngayon ang mga usaping may kaugnayan sa larangan ng agham at mundo ng teknolohiya, partikular na ang patuloy na paglaganap ng sistematikong pamamaraan ng pagpapalitan ng datos at impormasyon. Saklaw ng mga usaping ito ang lawak, bisa, at kabuluhan lalo na ang bilis ng pag-unlad ng mga tiyak na teknolohiyang ipinadaranas sa isang lipunan. Halimbawa nito ang internet, ang patuloy na pamamayagpag sa paglikha ng mga baryasyon ng pagsalin o paglipat ng datos at impormasyon sa pamamagitan ng internet.

Saklaw na ng teknolohiya ng internet at mga supling nito ang mga larangan ng pagkatuto mula sa loob ng akademya na bumabaybay sa iba't ibang aspekto ng ating kultura. Gayundin, nasakop na rin ng internet ang mga gawaing mayroong kaugnayan sa mga programa ng iba't ibang pangasiwaan ng gobyerno at ng mga pribadong sektor ng lipunan. Sa madaling salita, unti-unti nang bumabaon, kundi man nakabaon na, sa kamalayan ng bayan ang mga tiyak na agham at teknolohiya na ngayo'y bahagi na ng pang-araw-araw na pangangailangan ng mga taong "aral."

ANG MAGKAUGNAY NA KONTEKSTO

Nakabatay ang mabisang paglaganap ng agham at teknolohiya sa pagtanggap at pagkawili, kundi man sa pagkahumaling rito ng lipunang bukas sa pagkatuto. Ang pagsubaybay at pagkahirati ng mamamayan sa patuloy na pagbabagong-bihis ng iba't ibang anyo ng teknolohiya ay produkto ng magkaka-kawing na konteksto, gaya ng: umaangkop na kultura; mapaglarong sensibilidad ng media; pabago-bagong kalagayan ng pulitika; at umuusad na kalakaran ng ekonomiya.

Mahalaga rin ang papel na ginagampanan ng nibel ng edukasyon o antas ng pagkatuto ng kabuuang populasyon sa pagkakaroon ng bukas na kultura ng mamamayan. Tumutukoy ito sa kakayahan ng nakararaming mamamayan na magbasa, magsulat at umunawa ng mga konseptong maka-agham gaya ng Matematika o pagkukwenta.

Sa nabanggit na konteksto nabubuo ang magkakahawig na sektor na may magkakatulad na kapalaran o kinahihinatnan. Ito ay ang mga magkakaugnay na sektor: ang sektor na napag-iiwanan sa larangan ng agham at teknolohiya, at ang sektor na napag-iiwanan sa larangan ng kultura at kabuhayan. Ang sektor na hindi pinalad na makalahok sa namamayaning kalakarang pang-ekonomiko ng lipunan ay iyong sektor din na napag-iiwanan ng masiglang takbo ng agham at teknolohiya. Dahil hindi sila nagiging tunay na bahagi ng namayayananing sistema ng mga institusyong panlipunan na nirerendahan ng teknolohiya, naeetsa-pwera sila sa mga gawaing pampamayanan.

Hirap silang makaagapay sa matulin na pagsulong ng isang espasyong pinatitining ng agham at teknolohiya. Matutunghayan rin sa pamamayagpag ng agham at teknolohiya ang pag-eetsa-pwera sa mga kapos palad at pagkakait sa kanila na makasabay o makasakay (kundi man makatikim ng biyaya) sa pag-usad ng ekonomiya. Hindi lamang nagaganap ang pag-eetsa-pwerang ito sa loob ng isang umuunlad na ekonomiya gaya ng sa Pilipinas, subalit nangyayari rin ito sa komunidad ng mga nasyon, sa mga bansang humaharap sa mga sanga-sangang isyu kaugnay ng 'di-humihintong pagbulusok ng agham at teknolohiya.

Gayundin, sa ilalim pa rin ng nabanggit na konteksto, may nilikhang paghahati o pag-uuri ang pagbulusok ng agham at teknolohiya. Dahil sa malayang nakauugnay ang agham at teknolohiya sa mapag-angkop at bukas na kultura, nagiging matingkad ang agwat o pagitan o minsan tunggalian pa nga, ng mga henerasyon pagdating sa pagpapairal ng kabuluhan ng agham at teknolohiya. Halimbawa, sa internet, mayroon na tayong tinatawag na digital immigrants at digital natives. Ang mamamayan na nabibilang sa nakatatandang henerasyon at ngayo'y patuloy na hinahamon ng panahon ng digital ay maaari ring maetsa-pwera, kundi man naeetsa-pwera na nga, sa matulin, samut-sari, at pabagu-bagong mundo ng digital. Natitiwalag ang taong tumatangging matuto (dahil nalulula o natatakot o napapagod nang matuto) sa espasyong unti-unti nang nagiging banyaga sa kanilang kamalayan.

ANG AGHAM AT TEKNOLOHIYA

Matingkad na katangian ng agham at teknolohiya ang halos rumaragasang paglaganap at paglago nito habang nakasandig sa sinundang simulain at pundasyon nito. Dahil dito, tuwiran at kagyat ang mga bunga nito. Bukod dito, tiyak ang kabuluhan ng agham at



...HANGGANG HINDI MAGKUKUMAHOG ANG MGA PAMUNUAN NG ISANG LIPUNAN UPANG LANTAY NA PAKINABANGAN ANG AGHAM, MANANATILING MATAMLAY ANG PAKIKIPAGTALIK NG TEKNOLOHIYA SA MGA GAWAING PANG-EKONOMIKO.

teknolohiya upang makausad.

Halimbawa, higit na malaki ang tubo ng agham at teknolohiya kapag may sapat kang pag-aari at kakayahang gamitin ito. Sa kabilang banda, kakarampot lamang ang tubo ng agham at teknolohiya sa isang pamayanang kakaunti lamang ang maaaring makinabang rito. Kung hindi matitinag ang ganitong sitwasyon, mahihinuha natig lalo lamang lalawak ang pagkakaiba kundi man titindi ang tunggalian ng mga nakaririwasa sa agham at teknolohiya laban sa iyong mga dahop dito. Patuloy na lilikha ng malaking bitak o guwang ang ganitong kalakaran sa pagitan ng mga sektor ng lipunan.

Namamaybay itong siklo ng agham at teknolohiya sa iba pang istruktura ng mga institusyong panlipunan.

Halimbawa, hanggang hindi magkukumahog ang mga pamunuan ng isang lipunan upang lantay na pakinabangan ang agham, mananatiling matamlay ang pakikipagtalik ng teknolohiya sa mga gawaing pang-ekonomiko, lalo na kapag mahigpit na nakatali ang moda ng produksyon sa malawakang sistema ng agham at teknolohiya ng bansa. Ang magiging produkto nito kung gayon ay ang suson-susong dahilan ng pagkamuwang sa agham ng pamayanang sa kalaunan ay hindi maiiwasang umigkas nang walang pasubali sa gawain ng iba pang sektor ng lipunan at maaaring humantong sa pagkalusaw ng ilan.

ANG MGA KAPOS PALAD

Maaaring mapatid ang saliwang pag-usad ng agham at teknolohiya kapag nabigyan ng sapat na kakayahan ang mga nangangailangan at kapos palad sa pamamagitan ng paglalaan sa kanila ng karampatang sahod o kabayaran sa anumang pamamaraan ng kanilang pinagkakakitaan.

Sa kasalukuyan, nananatili pa ring agrikultural ang ating pamayanan kung kaya kakambal nito ang patuloy na pagpapalago ng mga gawaing agraryo (gaya ng pagpapayaman sa lupa at mga anyo ng kalikasan) at pagpapabuti ng pakikipag-ugnayan sa mga magsasaka (gaya ng pagtataas ng kabuuang kita, pagpapunlad ng sistema ng patubig at pagbubungkal ng lupa). Nangangahulugan din ito ng pagbibigay ng karapatan sa mga kapos palad na makapag-aral nang sa gayon ay matuto silang magsulat, magbasa, magkuwenta at magkamalay sa mga batayang kaalaman kaugnay sa agham.

Sadyang mahalaga ang papel ng mapagpalayang edukasyon lalo na sa larangan ng agham at teknolohiya dahil kahingian ng mga disiplinang ito ang lubos na kabatiran sa mga paksang bahagi ng pag-iral ng tao at kalikasan. Dagdag pa rito, sadyang mahirap maabot ang sapat na nibel ng pagkatuto kaugnay sa agham at teknolohiya kung hindi ito magaganap sa isang espasyong lumilinang ng pang-akademikong sensibildad at sariling pagkakakilanlan.

Kung layon natin na balansehin sa timbangan ang aanihing pakinabang ng mga sektor ng lipunan at ang tatamasahing oportunidad buhat sa agham at teknolohiya, nararapat lamang na isaalang-alang ang pagpapaunlad sa kalakarang pang-agrikultura at higit pang pataasin ang bilang ng mga batang makapapasok sa mga paaralan upang makaranas ng isang pang-akademikong pagkatuto tungo sa pagtuklas sa sarili. Karugtong nito ang pangangailangan na higit pang palaguin ang edukasyong maka-kapos palad.

Mainam na tandaang hindi lamang ang pagpapahusay sa mga batayang kaalaman ang dapat na maging puno't dulo ng edukasyon ngunit ang pagsasakonteksto ng mga kaalamang ito sa kasaysayan at kultura ng bayan. Hindi dapat ipagwalang-bahala ang halaga ng kultura tungo sa pag-unawa sa agham, pati na sa pag-usig sa di-pantay na gamit at bisa ng teknolohiya.

Kung sa kasalukuyan, patuloy na sinasaklaw ng teknolohiya ang mga disiplina at larangan, noon pa man hanggang sa ngayon, saklaw na ng kultura ang lahat ng disiplinang may kaugnayan sa pag-iral ng tao at ng kanyang kasaysayan. Kaya sa hanay ng mga disiplina, ang kultura, partikular na ang edukasyon ang lagi at laging buod o kalooban ng agham at teknolohiya.

HABANG NARIRIYAN ANG PUMIPINTIG NA GUWANG SA PAGITAN NG MGA NAGTUTUNGGALING URI NA PINANANATILI NG MGA LIHIS NA PAMUNUAN NG IBA'T IBANG INSTITUSYONG PANLIPUNAN, HINDI MAKAAAGAPAY ANG MGA KAPOS PALAD.

ANG EPEKTIBONG PAMUNUAN

Maisasakatuparan ang magkakaugnay na hangaring pang-ekonomiko at pangkultura -- gaya ng pagtaas ng kita at pagtalas ng kakayahan, sa pamamagitan ng isang tapat at mapagbigay na pamamahala na lilikha ng isang makatarungan at demokratikong lunan ng pag-unlad. Habang naririyan ang pumipintig na guwang sa pagitan ng mga nagtutunggaling uri na pinananatili ng mga lihis na pamunuan ng iba't ibang institusyong panlipunan, hindi makaaagapay ang mga kapos palad.

Mananatili silang walang muwang habang nakaabang sa gilid o sa labas, mga echar afuera* na pinanonood lamang ang pag-arangkada sa sentro ng 'di-makapaghintay na mga supling ng agham at teknolohiya. Sadyang may pangangailangan ngayon ang buong bansa para sa patuloy na paghubog ng epektibong pamunuan tungo sa isang matatag at patas na pamayanan, nang sa gayon patuloy pang mapagtibay at mapag-ibayo ang namumuong tiwala ng sambayanan at ng mundo sa katapatan at kahusayan ng ating itinatayo pang mga institusyong panlipunan.

**Tala ng Manunulat:*
Echar – itakwil, itapon
Fuera – Labas, pagsasalita ukol sa tao o bagay na wala sa isang lugar
Afuera – Magbigay-daan, umalis sa daan
The Revised Velasquez Spanish and English Dictionary, Complied by Mariano Velasquez de la Cadena with Edward Gray and Juan Iribas, New Jersey: Prentice – Hall, Inc., 1973.

Si Fr Jose Ramon T. Villarin ay isang paring nabibilang sa orden ng mga Heswita. Isa rin siyang siyentista at ang kasalukuyang University President ng Ateneo de Manila University.

KALUSUGANG pangkalahatan o para sa iilan?

NI SARAH REEM HESHAM
SINING NI JERUSCHA VILLANUEVA



SA ISYU NG PHILHEALTH, SAPAT NGA BA ANG BENEPISYONG NATATANGGAP NG MGA MAHIHIRAP?

Nagkaroon ako ng pagkakataong makausap si Ate Elsa, isang bente anyos na babae, sa isa sa mga pagbisita ng Project LAAN sa iba't ibang komunidad. Kamamatay lamang ng kanayang dalawang taong gulang na anak. Ni hindi na niya maalala ang pangalan ng sakit na dumapo sa kanyang anak, liban sa ito'y may kinalaman sa dugo, na kinailangan pa niyang dalhin ang kanyang anak sa pinakamalapit na pagamutan-na higit isang oras ang layo sa kanilang tirahan – at na hindi na kinayang iligtas ang kanyang anak. Nakadagdag pa sa hinanakit na dinanas ang utang na Php 80,000 mula sa kanilang mga kapitbahay – salaping kailangang pagtrabahuhan upang mabayaran, salaping pambayad dapat sa iba pang utang, at salaping sana'y nagamit sa ibang pangangailangan tulad ng pagkain o edukasyon.

Hindi na bago ang ganitong mga kuwento sa ating bansa. Problema mismo ang kamatayan ng anak ni Ate Elsa, ngunit ang problemang aking bibigyang-pansin ay ang halaga ng kawalang kasiguraduhan sa pananalapi para sa mga gastusing pangkalusugang kinakaharap ng bawat indibidwal sa ating bansa.
Maaring gumawa ng sunod-sunod na problema ang pagkakasakit ng isang miyembro ng pamilya– mula sa kapamilyang nangangailangang lumiban sa paaralan o sa trabahong ikababawas ng kanyang sweldo, hanggang sa napakataas na bayaring dapat ilabas mula sa kanilang bulsa.
Dahil sa labis na kamahalan ng tulong pangkalusugan, pinipili na lamang noong nasa ibabang iwasan ang pagpapatingin sa manggagamot. Tila ba magagamot ng paracetamol ang lahat ng uri ng sakit. Sa kasamaang palad, nauuwi ito sa malalang karamdaman at sandamakmak na bayaring ikalulubog ng isang pamilya sa kahirapan.

KALUSUGANG PANGKALAHATAN

Liban sa estado ng kanyang pinanggalingan o kalagayang pananalapi, isang pangangailangan at karapatan ng bawat Pilipino ang pagkakaroon ng Healthcare (tulong pangkalusugan). Kinikilala ng administrasyong Aquino ang pangangailangang ito at sinimulan na nila ang pagsunod sa halimbawa ng ibang bansa tulad ng Pransiya at Kanada sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Universal Health Care o Kalusugang Pangkalahatan (KP).

Ang Kalusugang Pangkahalatan ay isang pagtutustos kung saan sinisiguradong lahat ng Pilipno ay mayroong kakayanang makatanggap ng tulong pangkalusugan na de-kalidad at magkaroon ng pagtatanggol mula sa problema sa pananalapi. Sinisigurado nitong hindi makapagdudulot ng mabigat na problemang pananalapi ang Tulong Pangkalusugan.

Upang makamit ito, kinakailangang bigyan ng sapat na pansin ang bawat isa sa anim na tipak ng kalusugang umaayon sa inilahad ng WHO: Health Financing, Medicine and Technology, Leadership ang Governance , Health and Information System, Service Delivery and Health Workforce.

Maaring isang hakbang patungong UHC ang KP, ngunit nananatili paring iwan ang bansa sa pag-abot dito. Marami pa ring hamong hinaharap ito lalo na pagdating sa pagkapantay-pantay sa kakayanang makatanggap ng tulong pangkalusugang de-kalidad.

PANANALAPING PANGKALUSUGAN

Mahigit 53% ng gastusing pangkalusugan ng bansa ay nanggagaling sa bulsa ng mga mamayan- ibig sabihin, binabayaran ng mga mamamayan ang kanilang sariling gastusing pangkalusugan. Halos 27% lamang ang naiaambag ng pamahalaan at

8% naman ang sa social health insurance. Kilala bilang PhilHealth, ang Philippine Health Insurance Corporation ay mayroong malaking papel sa mga panukala ukol sa pananalaping pangkalusugan ng bansa. Nakatuon ang PhilHealth sa pantay-pantay na bayad at ambag mula sa mga mamamayan. Dahil dito, lalong napagtibay ang risk sharing at ang pagkakaroon ng proteksyong pananalapi.

Nakatatanggap ang bawat miyembro ng benepisyo sa piling ospital. Sa ngayon, mahigit 79% ng mga Pilipino ay nakatala bilang miyembro. Inaambagan ng pamahalaan ang mahigit 20% ng mga miyembro nitong nasa pinakamababang antas. Samantalang nanggagaling naman sa Sin Tax ang pinangpopondo rito. Sinasalamin nito ang mahigit 69 na milyong miyembro at sustentado sa buong bansa.

Habang saklaw nito ang malaking bilang ng mga mamayan, lalong-lalo na ang mga mahihirap, mayroon paring suliranin ang paggamit dito. Ilang pag-aaral ang nagpapakita na ang mga mahirap ang mayroong pinakamababang utilization rates samantalang ang mga nakatataas sa lipunan ang mayroong mataas na utilization rates. Sino nga ba ang nakikinabang sa pondong pinagambagan ng lahat? Hindi ang mahihirap. Hindi pa. Para sa isang sistemang pananalaping nakaukol sa mga mahihirap, ito'y sadyang nakapagtataka't mapanuya.

Hindi lamang iyon, maliit lamang ang serbisyong saklaw ng PhilHealth. Hindi rito kasama ang mga outpatient at gamot. Kung kaya't mahigit 68% ang binubuong bayarin ng medisina kung titingnan ang bayaring galing sa sariling bulsa ng mga miyembro.

Sa isang dako ng bansa, mayroong mamayang gumagasta ng pera upang magamot ang kanilang ubo't-sipon. Malaki na ang epekto nito sa kanyang pamilya lalo na kung kanyang ipagpapaliban ang kanyang pagkain o kaya'y magtatrabaho labas sa kanyang nakatakdang oras para lamang may maipambayad sa gamot. Magulo at kumplikado ang sistema ng kalusugang pampinansyal, at kahit na ito'y naglalayong makamit ang pagkapantay-pantay sa estado ng kalusugan, marami pa rin dito ang dapat mabago at mapabuti. Kasama sa mga dapat mapagbuti ay ang utilization of benefits ng mga mahihirap sa pamamagitan ng maayos na edukasyon at pagsusuri sa malaking bahagi ng out-of-pocket expenditures na siyang nasisilbing hadlang sa mga mahihirap kahit sila'y miyembro ng PhilHealth.

HAMON SA SUPPLY SIDE: TECHNOLOGY, HUMAN RESOURCES, AT SERVICE DELIVERY

Kaakibat ng paglaki ng saklaw ng pangkalusugang kasiguraduhan ay ang paglaki ng pangangailangan dito. Ang tanong: kaya ba ng mga tagapagtustos, mga pagamutan at ibang pook pangkalusugan, panghawakan ang bugso ng mga mamamayang nangangailangan ng tulong pangkalusugan?

Sa isang katunayan: Sa mga lugar kung saan ang mga mahihirap ay naninirahan, (1) ang pinakamalapit na pagamutan ay kinakailangan ng isa hanggang dalwang oras na paglalakbay, (2) kung mayroong pagamutan, ito ay nagkukulang sa mga tauhan, kakayanan, pagsasanay at kagamitan upang humawak ng malalang mga sakit at (3) mahaba ang mga pila at mababa ang kalidad ng pangangalaga dahil malamang ay pagal na ang mga nars sa malaking bilang ng mga pasyente. Ito rin ang kaso ng mga health center at pampublikong pagamutan kahit sa mga urban area. Sino nga ba ang gumagamit ng mga pasilidad na ito? Hindi ba't ang mga mahihirap din lamang? Habang ang ilan sa mga naghaharing uri ay nakatatamasa ng magaganda, mamahalin at makamundong pagamutan, dinaranas ng mga mahihirap ang mahahabang pila at paglalakbay para lamang makarating sa mga pagamutan. Ang ilan pa nga'y pinapalipat pa ng ospital dahil sa kakulangan sa serbisyo at kagamitan. Mayroon mang hakbangin ang pamahalaang tustusan ang Health Facilities Enhancement Program, sa dami ng pagamutan at health centers sa buong bansa, mahaba-habang panahon at malaking halaga ng pera ang kinakailangan. Bawat araw na tayo'y naghihintay, ang mga mahihirap ay nakararanas ng pagdarahop sa kalusugan. Ipinapakita nito na hindi lamang pamamagitan ng pamahalaan ang kinakailangan upang mabilisang malutas ang mga suliraning ito – kinakailangan din ang pakikipagtulungan ng lahat ng mahahalagang institusyon sa loob ng sistemang pangkalusugan upang mapaganda ang kalidad ng serbisyong karapatan ng mga mamamayan ng bansa.

PAMUMUNO'T PAMAMAHALA SA LOKAL NA NIBEL

Ang pamahalaan ang pangunahing tagapagtaguyod ng laban para sa UHC at kung nangangailangan ng malawakang pagbabago sa sistemang pangkalusugan, ang pamahalaan ang mayroong saklaw at kapangyarihan upang ito'y maisagawa. Ngunit ang sistemang pangkalusugan sa ating bansa ay hindi sentralisado – ang mga opisyal ng lokal na pamahalaan, tulad ng mayor, ang siyang namamahala sa lokal na sistemang pangkalusugan. Ang mga lokal na namumuno ang mayroong direktang kapanyarihan sa mga programang pangkalusugan, polisiya at pasilidad – hindi ang presidente o ang Kagawaran ng Kalusugan.

Mahalaga ang pagbibigay pansin sa pagtingin ng mga lokal na namamahala sa kalusugan bilang isang importanteng bahagi ng pagbabago, hindi yung paggamit ng pondo para sa pagpapatayo lamang ng mga basketball courts upang makalikom ng boto.

Kaakibat din nito ang pagbabago sa kaisipan ng mga Filipino na ang kasalukyang kalagayan ng sistemang pangkalusugan ng bansa ay bunga ng kahirapan, bagkus ang mababang kalidad ng kalusugan ang sanhi ng tuloy-tuloy na kahirapan. Kinakailangan ding umalma ng mga mamamayan sa kanilang karapatan sa tulong pangkalusugan upang mapilitan gumalaw yaong mga may kapangyarihan. Nahuhumaling itong mga pulitiko sa boto, kung kaya't kung maayos na health centers and hinihingi ng mga mamayan, bibigay itong mga pulitiko sa boto.

Mayroong pangangailangan sa malalim at makabuluhang pagpapasiyang nakabatay sa malalim na pananaliksik sa lokal na nibel. Hindi lamang dapat nakabatay ang mga pasya ng namumuno sa mga palambang patakaran tulad ng one-time feeding o misyong medikal na nakatuon

lamang sa pagkuha sa utang na loob ng mga mamamayan.

Kinakailangan ang pag-aalam sa pangangailangan ng komunidad at maayos na pagpapasiyang nakabatay sa pananaliksik upang masiguradong maayos ang pamamahagi ng pondo sa programa at gastusing pangkalusugan. Binibigyan nito ng kasigaraduhan na makukuha ng mga mahihirap ang labis na benepisyo. Kung laganap sa populasyon ang tisis, anong ganda ang magagawa ng mga feeding programs?

HEALTH INFORMATION SYSTEMS

Ito ang ilang katotohanang laganap sa ating sistemang pangkalusugan: (1) hindi nagagamit ng mga mahihirap ang kanilang benepisyo galing sa PhilHealth sapagkat kulang ang kanilang kaalaman at hindi nila alam kung papaano gagamitin ang ganilang karapatan. Hindi rin nila alam ang mga serbisyong kayang ibigay sa kanila ng mga pagamutan. (2) Naka-papel pa rin ang talaan ng mga salat na sentrong pangkalusugan. Ito'y isang magulong sistema at hindi epektibo pagdating sa pamimigay ng serbisyo. (3) Walang pinagkukunan ng kaalaman ang mga lokal na namumuno ukol sa mga patakaran at programang maaring ihain. Naari rin silang hindi tingnan ang impormasyong nakahain na sa kanilang harapan.

Ayon sa pagsusuri ng WHO sa sistemang pangkalusugan ng bansa, ang sistema ng impormasyon at talaan ng bansa ay mahinang naisasakatuparan. Mabigat na suliranin ang kawalan ng batayan pagdating sa pangangalap ng impormasyon ukol sa kalusugan, kung kaya't napipigilan nito ang pakikipagugnayan sa iba pang sistema.

Ano nga ba ang kahalagahan ng impormasyon? Hindi umiiral ang impormasyon bilang impormasyon lamang- hindi nagsisilbing palamuti lamang ang iba't ibang pananaliksik, pag-aaral at tesis. Mahalagang nagagamit at nakakaapekto itong mga kaalaman na ito. Kung hindi maayos ang sistema ng pangangalap at pagtatago ng impormasyon, paano mo maasahang nakabatay sa pananaliksik at pag-aaral ang pasyang magagawa ng taong bayan? Paano malalagpasan ng mga mahihirap



ang hamon ng hindi pagkapantay-pantay pagdating sa pamamahagi ng inpormasyon? Paano nila malalaman ang mga serbisyong kailangan nila at kung papaano ito makukuha? Paanong mapabubuti ng mga health center ang kanilang pamamalakad at pamimigay ng datos para sa mga darating pang patakaran kung ang talaan nito'y hindi maayos? Paanong makagagawa ng makabuluhang patakaran ang mga namumuno, mapa-lokal o nasyonal, kung hindi naman nila ito binabatay sa mga pananaliksik at datos? Sa panahong madali nang nakukuha ang impormasyon at laganap na ang social media, oras nang maganap ang pagbabago. Ito ang hamon: paano natin mababago at mapapaganda ang sistema ng pagpapalaganap at pangangalap ng impormasyon sa sektor pangkalusugan.

KALUSUGANG PANGKAHALATAN: MALAPIT NA PERO WALA PA

Nagawa na natin ang unang hakbang, ngunit ang sistemang pangkalusugan ay isang magulo, masikot at mapapagagpang sistemang hindi sumusunod sa isang namumuno. Binubuo ito ng iba't ibang kalahok at magkakarugtong na antas. Hindi mabilis ang mga pagbabago at hindi lamang ito iniaasa sa estado. Kung kaya't nangangailan ang kalagayan ng kalusugan at sistema ng health care ng higit na pansin lalong-lalo na ang galing sa kabataan sapagkat sila ang mayroong kakayanang gumawa ng mga makabago at nakapagbabagong kaisipan. Sa isang bansang kulang sa yaman, kung saan ang mga mahihirap ay nangangailangan pagpilian ang pagpapagamot o pagpapaaaral ng mga kabataan, ito na ang tamang panahon upang makisangkot sa laban ng kahirapan sa pamamagitan ng maayos na kalusugan.

Si Sarah Reem Hesham ay kasalukuyang nasa ikaapat na taon sa kursong Health Sciences ngayon sa Pamantasang Ateneo de Manila. Siya ang Punong Abala sa Project LAAN.

BIGYANG TINIG SA MEDIA *silang mga* WALANG BOSES



NI SEVERINO R. SARMENTA JR PH.D.
SINING NI BIANCA ESPINOSA

Hindi nagkaroon ang Pilipinas ng pagkakataong gawing tunay na pagmamay-ari ng bayan ang kanyang sistemang pangkomunikasyon. Sa simula pa lamang, naging komersiyal na itong gawain. Noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano at pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pawang mga mangangalakal ang siyang nagtatag ng mga pahayagan, istasyon ng radyo at telebisyon. Kaya naman naging pangunahing layunin ng media ang palaguin at palakasin ang kanilang mga negosyo.

Sinubok ng pamahalaang magtayo ng sarili nitong mga himpilan subalit napalubog ito ng malalakas na transmitter ng mga komersiyal na network. Nahirapan ding sumabay ang mga ito sa paggawa ng mga programang patok at kakikitaan ng mga sikat na personalidad na pwedeng sinusundan at hinahangaan ng tao.

MEDIA BILANG CONSUMER GOOD

Sa madaling salita, komersiyal ang media sa Pilipinas. Kapag maraming nanonood o nakikinig sa isang palatuntunan, magkakainteres ang mga kompanyang gustong maglagay ng mga patalastas ng mga produkto o serbisyo. Mga mensahe mula sa mga kompanyang gumagawa ng produktong gamit ng madla ang bumubuhay sa media, mapa-telebisyon man, pahayagan, o iba pa. Hindi sapat na batayan ng tagumpay ang dami ng mga bumabasa ng balita. Mahalaga ang pagbili ng espasyo para sa pagppapaanunsiyo.

Walang masama rito. Ang kakulangan lamang, hindi nagkakaroon ng sapat na pagkakataong gumawa ng mga palatuntunan kung saan maaring maghayag ng hinaing, kuro-kuro o palagay ang mga walang koneksiyon sa radyo o TV. Mas madalas na ipinalalabas ang mga problemang tungkol sa pag-ibig, dahil ito ang sinusundan ng maraming nakikinig o nanunuod.

Sa ibang mga bansa gaya ng Hapon o Singapore, itinatag ng pamahalaan ang mga istasyon ng media, gayundin ang sistema ng pamamahayag. Nagbabayad ng license fee ang mga tao upang makapanood ng mga programa. Sa gayon, taumbayan mismo ang bumubuhay sa TV at radyo. Hindi lamang sila umaasa lamang sa kita mula sa pag-aanunsiyo.

Dahil hindi nakasandal sa komersiyalismo, nakagagawa ang mga istasyon ng programang pang-edukasyon, nagbibigay-impormasyon o kabutihang pampubliko. Nagkakaroon ng mga palatuntunan kung saan maaaring talakayin ang mga isyu na may epekto sa buhay ng tao. Magkasalungat man ang mga pananaw na umiiral sa mga programa, hindi ito hinihgipitan o pinagbabawalan ng mga nagpapatakbo ng himpilan ng radyo o TV.

Mayroon din namang mga bayan kung saan komersyal ang media, subalit sanay ang bayan sa malayang talakayan. Hindi nagkakapikunan o umaabot sa marahas na katapusan ang usapan. Nagkakaroon ng pagkakataong marinig ang tinig ng mga may mahalagang isyu, adhikain o paniniwala.

NAKAUGAT SA KULTURA

Subalit naiiba nga siguro ang kultura natin. Hindi natin kayang tanggapin ang pagkapahiya sa harap ng ibang tao, lalo na sa media, kahit pa mahinahon ang pagpintas sa isang polisiya o proyekto. Madalas, ayaw nating may kumokontra sa ating pinaghirapan o antas ng kaalaman. Kung minsan, hirap din tayong sundin ang mga tuntunin ng pampublikong usapan, kung saan hindi dapat panghimasukan ang personal.

Ang mahirap pa rito, iilan lamang ang mga palatuntunan kung saan maaaring mapakinggan ang niloloob ng mga marhinalisado. Sobrang dami ng mga palatuntunang pang aliw. Nagkakaroon lamang ng pagkakataong magsalita ang mahihirap kapag sila'y inapi, nasunugan o nanakawan. Hindi lang iyon ang mga suliranin nila. Hindi masama ang mga palatuntunang pang-aliw dahil hindi rinnaman pwede oras-oras, suliranin ang pinag-uusapan. Subalit mayroon din sanang mga palalatuntunan para marinig ang mga magsasaka, mangingisda, OFW at iba pang kumakayod sa araw-araw.

EPEKTO NG POLITIKA?

Napakadaling manisi o magturo ng may kasalanan kung bakit ganito ang media natin, kung bakit kakaunti ang pagkakataon para sa mga maraming hirap sa buhay na pag-usapan ang kanilang pinagdadaanan. Madaling sabihin na ang sistemang politikal ang may kagagawan nito o di kaya'y ang ekonomiya natin. Sa dami ng mga partido, pangkat, alyansa at samahan, kulang ang air time para

HINDI DAPAT MAGING REPORT CARD LAMANG NG NAKAUPONG PANGULO O PAMHALAAN ANG MGA ISTASYONG PAMPAHALAAN. DAPAT MAS MASIGASIG ANG PAGHUBOG NG MGA PROGRAMANG PWEDENG GAWING ENTABLADO NG MALAYANG TALAKAYAN SA MGA HIMPILANG ITO.





marinig ang lahat. Sa ibang bayan, simple ang usapan dahil hati lamang sa dalawang partidong politikal ang bayan.May panahong pakinggan ang maliliit na tinig ng mga taong walang lakas pampolitikal o d kaya'y lakas ng loob na magsalita.

PANAHON NA PARA SA PAGBABAGO

Pero hindi pa huli ang lahat. May mga paraan upang mapagbigyan ang mga walang tinig na magkaroon kahit paano ng boses para sa kanilang mga suliranin o hangarin. Simulan natin halimbawa sa mga istasyon ng pamahalaan, ang PTV Channel 4 at ang radio network nito. Hindi dapat maging report card lamang ng nakaupong pangulo o pamhalaan ang mga istasyong pampahalaan.
Dapat mas masigasig ang paghubog ng mga programang puwedeng gawing entablado ng malayang talakayan sa mga himpilang ito.

Maari ring makatulong ang mga komersiyal na network. Gawin nilang mas matindi ang pagsali ng mga tao sa mahahalagang usapan. Maaari ring gumawa ng mga palatuntunang may talakayan sa pagitan ng mga nasa pamahalaan at ang mga taong apektado ng kanilang serbisyo. Regular na dalhin ang mga kamera't mikropono sa taumbayan , hindi lamang kung may sunog o tuwing eleksiyon. May kuwento rin ang araw-araw na buhay.

Gayundin, kung maaari'y huwag namang itambak lahat ng mga programang may mahalagang usapin sa mga oras na kung saan marami nang natutulog. Kung maganda ang talakayan at malinaw ang usapan, papanoorin o pakikinggan 'yan ng tao.


Importante ring magkaroon ng mga mamamahayag na may tinig o may kakayahang ilabas ang mga suliranin ng bayan. Mas magiging makabuliuhan ang kanilang paglilingkod kung mas madalas nilang ipinariring ang boses ng masa o mga marhinalisado.

TUNAY NA PAKIKINIG

Huwag lang nating pakinggan ang masa kapag sila'y nadedehado, nasalanta ng baha o bagy;o o di kaya'y naagrabiyado ng mga nakatataas sa lipunan. Pakinggan din natin sila kapag mahinahon ang kanilang kalooban. May kakayahan din silang maglabas ng makabuluhang kuro-kuro. Naiintindihan din nila ang mga isyung kinahaharap nila at ng ating bayan.

Husto na ang paniniwalang hindi kayang magsalita ang mga walang boses. ꟿ

Si Severino R. Sarmenta Jr. PhD ay assistant professor sa Kagawaran ng Komukisayon ng Pamantasan ng Ateneo de Manila. Tatlong dekada na siyang guro doon at nakapagturo na rin sa St. Joseph's College at UP. Nagtapos siya ng PhD at MA sa Komunikasyon sa Unibersidad ng Pilipinas at ng AB Communication sa Ateneo. Isang rin siyang sports journalist na lumalabas sa telebsiyon, at may lingguhang kolum sa Philippine Daily Inquirer.



PASANING *KAAKIBAT NG* PAGLIKHA

NI ALFONSO SOLIONGCO
SINING NI KHALIL REDOBLE

Marhinalisasyon sa Industriya ng Sining Biswal

"Mayroon bang marhinalisasyon sa sining biswal?"

Sa humigit-kumulang limang taon ng pagtatrabaho ko bilang isang graphic designer, ni minsa'y hindi ko naitanong o napagmunihan kung sino nga ba sa aming industrya at kapisanan ang masasabing marhinalisado.

Alam kong hindi ito dahil sa hindi ako malay sa mga nagaganap sa kapaligiran ko, at hindi rin naman dahil sa kawalan ng pakialam sa kalagayan ng iba. Sa palagay ko, hindi ko napagnilayan ng husto ang marhinalisasyon sa industriya ng sining biswal dahil awtomatiko na itong kasama sa pagpili naming karera.

Teka lang. Bago kayo umalma sa aking pahayag, bigyan n'yo ako ng pagkakataong magpaliwanag. Sa maraming paraan, masasabing mapagmalabis ang pagturing sa aming mga nasa industriya ng sining biswal bilang marhinalisado. Gayunman, sa sindami o higit pang paraan, masasabing totoo ang pahayag na ito.

Madadama sa maliliit na bagay ang paggiging maharilisado ng isang aristitikong indibidwal- sa teatro, musika, o sining biswal. Taliwas ito sa ating karaniwang pag-unawa sa marhinalisasyon - hindi ito tulad ng nadarama ng mga kapatid nating may-kapansanan, maralita, o iba pang marhinalisadong myembro ng lipunan. At sa huli'y lilinawin kong opinion ko lamang ang lahat ng ito, hubog ng mga karanasan ko bilang isang propesyunal sa industriya ng sining biswal.

"MADALI LANG NAMAN ANG TRABAHO MO."

Kadalasaang hindi nabibigyang-pansin ang marhinalisasyong ito, maging ng mismong mga nasa industriya. Kahit gaano pa kadalas na may magsabi sa kanyang, "Maghanap ka naman ng tunay na trabaho;" kahit ilang beses na niyang naranasang tumawad sa karagdagang katumbas na kabayaran at unawa mula sa kliyente; at ang kahit ramdam niya ang tahasang pambabarat sa kanyang mga gawa dahil "madali lang naman" ang trabaho ng isang visual artist.

Ilang lang ito sa masasaklap na karanasaang ng mag tulad namin sa industriya.

Simpleng bagay lamang ang mga ito, bihirang mapansin kahit nang mismong mga apektado; ngunit malalim ang epekto sa industriya. Hindi biro ang makarinig ng mga pahayag na nagsasabing hindi naman gaanong mahalaga sa mga mata nila ang bagay na siyang nagbibigay sa iyo ng saya, lakas ng loob, at kabuhayan. Hindi naman ito tunay na trabaho, dagdag pa nila. Tila naglalaro ka lang - kahit ilang oras na ang ibinuhos mo sa kaaayos ng mumunting mga detalye sa proyektong pinagkakabalahan mo.

Mahirap ang maging isang manlilikhang biswal. Kadalasan, nagsisimula kami bilang freelance worker, o di kaya'y doon nauuwi kahit pa aminadong hindi ito nakatutulong sa pagseguro ng aming kinabukasan at pinansiyal na kalagayan. Kung minsan pa nga'y napagkakamalang tamad o walang ambisyon ang mga nasa sining biswal dahil madalas kaming nasa bahay lamang, nakakulong sa kwarto at nagtatrabaho- gumagawa ng sining o nagpapalipas-oras gamit ang sariling imahinasyon. Ang masaklap pa rito, kadalasa'y sa mismong mga mahal sa buhay naririnig ang ganitong mga akusasyon.

Hindi naman nila sinasadya na makasakit ng damdamin, hindi nila namamalayan na may nagaganap na marhinalisasyon. Gaya ng iba pang uri ng diskriminasyon at pang-aabuso, ang marhinalisasyong ito'y nagmumula sa kawalan ng kamalayan at pag-unawa. Ngunit hindi man sadya, dama pa rin ng nakararanas ang mga epekto nito.

PAGLALAPAT NG HALAGA SA ABSTRAKTONG GAWA

Laganap ang pagwawalang-halaga sa sining biswal sa lipunan, gayundin sa mga korporasyon o grupong humihingi ng tulong ng manlilikha para sa mga proyekto. Kadalasa'y tensiyonado ang pakikipag-ugnayan sa kliyente- tila ba magkaibang mundo ang kanilang ginagalawan at mahirap na magkaunawaan ang dalawang panig, lalo na sa usapin ng kabayaran para sa likha.

Nauunawaan mang importante ang gawa ng mga manlilikha, nahihirapan pa ring lapatan ng sapat na presyo ang trabaho. Hindi kasi nasusukat nang lubos ang gawa ng isang abstraktong likha.

Sa isang lipunang sanay sa pagsukat ng halaga ng isang bagay batay sa de-numerong timbang nito, patuloy na nagaganap ang marhinalisasyon ng mga artistang biswal. Umaabot sa puntong pababaan na ng presyo ang labanan para lamang magkaroon ng trabaho ang mga nasa industriya. Isa itong problemang nakapaloob sa sistemang sosyolohikal na patuloy na umiiral sa lipunan.

EPEKTO NG MARHINALISASYON

Ilan lamang sa maaaring maging epekto ng marhinalisasyong ito sa personal na kalagayan ng indibidwal ang kawalan ng lakas ng loob, pagkabigo, at galit sa piniling landas. Naapektuhan nito maging ang pagharap namin sa mga susunood pang proyekto, pati na rin ang kalidad ng gawang inilalabas. At dahil ang institusyonal na ang nagaganap na marhinalisasyon, tinatangap na lamang ito ng karamihan, at paikot-ikot lamang tayo.

Nararapat ding banggitin na apektado nang marhinalisasyon ang mga mag-aaral ng sining biswal. Dahil hindi nabibigyan ng sapat na halaga ang sining sa lipunang kanilang ginagalawan, ililan lamang ang nagpupursiging gamitin ang taglay nilang galing at talino sa larangan ng sining bilang propesyon. Iilan lang ang kumukuha nito bilang kurso nila sa kolehiyo, kasi nga naman- walang pera sa sining.

Sa isang ekonomiyang laging di-tiyak, isa itong malaking konsiderasyon sa pagpili ng mga mag-aaral. Kasama na rin dito ang kakulangan ng mga may kakayahang magturo nito. Kung walang magtuturo at walang mga mag-aaral, mabubuwag at dahan-dahang mawawala ang mga institusyon na maaari sanang pagmulan ng marami pang mga manlilikha- dahil lamang hindi nabibigyan ng sapat na halaga ang akademikong aspekto ng sining biswal.

Masuwerte na tayo dito sa Ateneo dahil

kahit paano, buhay at patuloy na lumalaki at ipinagbubuti ang larangan ng sining biswal. Isa sa mga pinakapopular na kurso ang Information Design, at patuloy na umaani ng parangal ang mga dulang itinatanghal ng mga guro at mag-aaral. Sa loob ng unibersidad buhay ang sining biswal. Ngunit kadalasa'y hindi ganito sa labas ng ating mga pader.

PATULOY LANG

Malawakan man ang kawalan ng sapat na suporta sa sining biswal, at kahit ano pang antas ng marhinalisasyon ang nagaganap, kailangang maintindihan at isapuso ng sinoman sa larangan ng sising biswal na kailangan niyang magpatuloy. Huwag hayaang maantala o mapigil ang paghabol sa kabuluhan ng sining at estetika.

Mula nang umpisahan ko ang artikulong ito, hindi na isang tanong kung mayroong marhinalisasyong nagaganap sa sining biswal. Oo, meron. Pero ang mas mahalagang tanong ay kung ano ba ang kaya nating gawin, bilang estudyante, guro ng sining, at miyembro ng industriya?

Walang madaling sagot. Alam nating lahat na hindi madaling buwagin ang marhinalisasyong ito. Hindi sa isang araw, linggo, buwan, o taon. Gayunpaman, mayroon tayong magagawang mga hakbang upang labanan ang marhinalisasyon sa sining biswal.

Sa aking hamak na opinyon, kritikal ang pagpapalaganap ng kaalaman at pag-unawa sa kalagayan ng mga nasa larangan ng sining biswal upang masimulang baguhin ang nakasanayang pag-iisip. Kung dahan-dahan nating iaangat ang antas nang kaalaman, diskurso, at talakayan ukol sa usaping ito, maaaring unti-unti nating maimpluwensyahan ang pag-iisip at pakikipagugnayan ng mga kliyente at kompanya na bahagi ng industriya.

Responsibilidad nating mga nasa sining biswal na ipaunawa sa madla ang angking halaga nito sa pamamagitan ng patuloy na paglikha. Ito na siguro ang pinakamabisang hakbang upang labanan ang marhinalisasyon sa sining biswal. m

Si Alfonso Soliongco ay nagtapos ng AB Social Sciences sa Pamantasang Ateneo de Manila. Mula nang magtapos sa kolehiyo, sining biswal na ang nagging buhay niya-graphic design, paggawa ng komiks, at iba pa. Kasalukuyan siyang Instruktor sa Fine Arts Department, Paaralan ng Humanidades, Pamantasang Ateneo de Manila.

HINDI BIRO ANG MAKARINIG NG MGA PAHAYAG NA NAGSASABING HINDI NAMAN GAANONG MAHALAGA SA MGA MATA NILA ANG BAGAY NA SIYANG NAGBIBIGAY SA IYO NG SAYA, LAKAS NG LOOB, AT KABUHAYAN.





SINING NI CAROLINE CARMONA

HINDI NA NATAGPUAN ANG ANDRES

NI RAY JOHN SANTIAGO

Hindi naman natin sila nakalimutan diba?
Lagi naman tayong walang pasok pag kaarawan nila
O kaya yung kamatayan nila?
Hindi naman natin nalimot na ilista ang pangalan nila sa
mga aklat
Ginagamit pa nga natin sila sa araw-araw na kalakaran
Mula piso hanggang limang daan
Ipinangalan na nga natin pati mga anak natin
O silid-aralan
paaralan
sinehan
mall
stadium
Kahit kalye't daang puro trapik
Inialay na natin sa kanila
Ilang rebulto't monumento na ba ang napatayo natin?
        Hindi ko na rin mabilang...
Hindi naman tayo nakalimot diba?



INSTANGLAW



TUWING BIYERNES

 www.facebook.com/MatanglawinAteneo

 www.matanglawin-ateneo.org



http://matanglawin-ateneo.org
http://facebook.com/MatanglawinAeneo
@MatanglawinADMU